

Template ng Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Plano sa Pagdalo (2020-21)

Available ang mga tagubilin para sa pagkumpleto ng Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Plano sa Pagdalo sa https://www.cde.ca.gov/re/lc/documents/lrngcntntyatndncpln-instructions.docx.

Pangalan ng Local Educational Agency (LEA)	Pangalan ng Taong Dapat na Makaugnayan	Email at Telepono
South San Francisco Unified School District	Keith B. Irish Katuwang na Superintendent, Mga Pang-edukasyong Serbisyo	kirish@ssfusd.org 650-877-8709

Pangkalahatang Impormasyon

[Paglalarawan ng naging epekto ng pandemyang COVID-19 sa LEA at sa komunidad nito.]

Naramdaman sa maraming antas sa buong South San Francisco Unified School District ang epekto ng pandemyang COVID-19. Kinailangan nito ang iba't ibang paraan at labis na pleksibilidad dahil sa mga pangkapaligirang salik na madaling nagbabago. Paggawa ng plano na magbibigay ng access sa lahat ng mag-aaral at mga kawani sa ating distrito sa mga elektronikong device, kabilang ang mga laptop, Chromebook, IPAD, at hotspot para sa koneksyon sa internet ang kagyat na naging tugon sa SSFUSD sa pandemya. Higit pa rito, nakatuon ang plano sa pandemya ng South San Francisco Unified School District sa matatag na komunikasyon, mga modelo ng pagtuturo at paghahatid ng kaalaman, lalo na para sa ating mga pinakanangangailangang populasyon ng mag-aaral, at nagbibigay ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral para tulungan ang mga kawani na magtransisyon sa 100% na Kapaligiran ng Distance learning.

(1) Komunikasyon: Sa buong panahon ng pandemya, naging mahalaga ang patuloy at kagyat na komunikasyon. Nagpatuloy ang mga Pakikipagpulong sa Gabinete at mga Administador sa Pandistritong Antas at sa komunidad kaugnay ng COVID-19 linggo-linggo o kung kinakailangan. Pati na rin ang pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa pagbubukas ng paaralan, kabilang komunikasyong ito ang mga update tungkol sa mga panuntunan ng county, estado, at pederal para tiyakin ang kaligtasan ng ating mga mag-aaral at kawani. Napakahalaga nito dahil kinailangan nating magpatupad ng mga plano para sa distance learning para sa pagsisimula ng taong pampaaralan 2020-21 ngayong Agosto. Nagsagawa ang SSFUSD ng isang napakabisang survey ng ating mga pamilya tingkol sa ating mga modelo sa pagtuturo sa hybrid at distance learning sa pagsisimula ng Hulyo para makakuha ng impormasyon mula sa ating mga pamilya tungkol sa kanilang mas gustong Modelo ng Pagtuturo (Distance o Hybrid Continuum Learning); at para makakuha ng impormasyon tungkol sa bawat mag-aaral kung kailangan nilang humiram ng tech device at/o hotspot upang makalahok sa pag-aaral sa taong pampaaralan 2020-2021. Layunin nitong makamit na 100% ng ating mga pamilya ang nakakumpleto ng survey at para maunawaan ang iskedyul, mga katangian, at mga yugto ng pagpapatupad para sa ating mga modelo ng hybrid at distance learning. Upang makakuha ng input mula sa lahat ng ating pamilya, ibinahagi ang survey sa mga pamilya sa pamamagitan ng nakarehistrong email sa ating Student information system (SIS), nagpadala ng isang pandistritong Screencast sa lahat ng magulang/tagapag-alaga sa mga wikang English at Spanish, mga awtomatikong tawag sa telepono sa mga pamilya para hilingin sa kanila na kumpletuhin ang survey, at inanunsyo rin ang survey ng ating Opisyal sa Pampublikong Impormasyon sa pamamagitan ng mga website at social media ng distrito/paaralan. Dahil sa mga pagsisikap na ito, nakamit natin ang 85% rate ng pagtugon sa survey. Para a mga pamilyang hindi pa nakakumpleto ng survey, nakikipag-ugnayan ang SSFUSD at mga kawani ng paaralan sa mga magulang/tagapag-alaga na hindi pa nakakumpleto ng survey.

Simula noong Hulyo, muli naming isinagawa ang lingguhang Paagpupulong ng mga Punongguro. Tinutulungan ng mga pagpupulong na ito ang mga administrador ng paaralan na maunawaan ang mga pinakabagong update tungkol sa COVID-19, pati na rin para magsilbing platform sa ating mga punongguro na talakayin ang kaligtasan, pagtuturo, at mga sosyo-emosyonal na pangangailangan kaugnay ng muling pagbubukas at patuloy na pagpapatakbo ng kanilang mga kawani sa paaralan at komunidad.

(2). Mga Modelo sa Pagtuturo - Noong Hunyo, itinaguyod ng pamunuan ng SSFUSD ang tatlong naka-target na task force na lupon. Itinalaga sa mga task force na pangkat na ito ang pagdidisenyo ng isang komprehensibong plano sa pagtuturo na nakatuon sa pagbibigay ng de-kalidad na pagtuturo; na tumutukoy na mga suporta para sa sosyo-emosyonal na kagalingan ng mga mag-aaral/kawani, at, na may binubuong mga plano sa kaligtasan para sa atig mga kawani habang at pagkatapos ng Emergency kaugnay ng COVID-19. Kabilang sa mga miyembro ng task force ang mga magulang, guro, punongguro, administrador sa pandistritong antas, at mga Miyembro ng Gabinete. Ginamit ang Plano sa Pandemya ng San Mateo County at ang apat na haligi bilang mga gabay sa kanilang trabaho. Pagdisenyo ng mga plano na magpapanatili sa kalusugan at kaligtasan ng ating mga mag-aaral at kawani sa gitna ng lahat ng pagdedesisyon ang mahalagang pundasyon ng trabaho ng mga miyembro. Bilang resulta, nagdisenyo ng parehong mga modelo ng hybrid at distance learning. Iniangkop ang bawat modelo para tumugma sa magkakaibang pangangailangan ng mag-aaral sa Elementarya, Middle school, at high school. Kabilang sa parehong mga modelo ng hybrid at distance learning ang mga pleksibleng instructional block na magagamit ng mga guro para hikayatin ang maliliit na pangkat ng mga mag-aaral pagtuturo na naka-target at naglalayong punan ang mga puwang sa pagkatuto. Partikular itong idinisenyo para sa mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa wikang English, foster na kabataan, walang tirahan, at mga mag-aaral na may kapansanan sa pag-iisip.

Makikita ang mga iskedyul na ito sa sumusunod na mga link:
Elementarya-https://docs.google.com/spreadsheets/d/1ux8iEe1RR8NurwjnyxdWZvBvGNG3cUMz8JaENcN6vzg/edit?usp=sharing
Sekondarya-https://docs.google.com/spreadsheets/d/1HqkSewUwVHiXURitMwhvM75CBhEZgVOyzWflaxI1OII/edit?usp=sharing

(3)Mga Oportunidad para sa Propesyonal na Pagpapaunlad para sa mga kawani - Dahil sa pandemyang COVID-19, kinailangan ang pagbabago sa pedagogy ng mga kawani sa pagtuturo para isama ang pinakamagagandang gawi sa online na pagtuturo. Kabilang dito ang pinalakas na kamalayan kung paano magbigay ng mga oportunidad para sa synchronous at asynchronous na pag-aaral para sa magkakaibang populasyon ng mag-aaral. Bagama't ginawa ng ating mga guro at magkakauring kawani ang kanilang makakaya para ipagpatuloy ang pagtuturo noong unang nagkabisa ang mga ipinatupad na panuntunan noong tagsibol, pareho nilang (Mga Magkakauri at Sertipikadong kawani) iniulat ang pakiramdam na may kakulangan pa sila sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa distance learning. Kaagad na nagbigay ang departamento ng Mga Pang-edukasyong Serbisyo ng serye ng mga online na sesyon para sa propesyonal na pagpapaunlad na nakatuon sa pag-access sa ating mga online na sanggunian (Wonders, Study Sync, Google Suite at iba pang programa/apliaksyon tulad ng Zoom, Nearpod, IXL, Mystery Science). Nagbigay ng suporta sa mga guro ang ating team ng Teachers on Special Assignment (TOSA's) sa pamamagitan ng ganitong mga sesyon sa propesyonal na pagpapaunlad, pati na rin one-on-one na suporta. Sa sandaling bumuto ang South San Francisco Unified Board of Trustees na simulan na ang taong pampaaralan 2020-21 sa 100% modelong distance learning, kaagad na nagplano ang team ng Teachers on Special Assignment (kabilang ang ELD at Special Education TOSAs) ng mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral para sa mga kawani. Nagkaroon ng oportunidad ang mga kawani ng SSFUSD na makilahok sa mahigit pitumpung (70) oportunidad para sa iba't ibang propesyonal na pag-aaral mula sa mga pnaloob at panlabas na tagapagbigay. Higit pa, may opsyon ang mga sertipikadong miyembro na makilahok sa parehong opsyon na synchronous at asynchronous na propesyonal na pag-aaral. Nakarekord ang karamihan sa mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral. Dagdag pa, marami sa mga presentasyon ang nakatuon sa pagsuporta sa mga mag-aaral sa wikang English at mga mag-aaral na may kapansanan dahil nauunawaan ng pamunuan ng SSFUSD na kakailanganin ng mga kawani sa pagtuturo ang partikular na pagsasanay para tulungan silang mapagaan ang mga kawalan ng pagkatuto para sa maraming mag-aaral na nabibilang sa ganitong mga pangkat ng mag-aaral.

Pakikilahok ng Stakeholder

[Paglalarawan ng mga ginawang pagsisikap para makuha ang feedback ng stakeholder.]

Dahil sa patuloy na pagtagal ng pandemyang COVID-19, humingi ng feedback ang South San Francisco Unified School District sa ating mga pamilya, mag-aaral, at kawani tungkol sa mga desisyon tungkol sa kaligtasan, sosyo-emosyonal na kagalingan, at mga pangangailangan sa pagtuturo ng ating mga mag-aaral. Humiling din ng feedback ang SSFUSD sa lahat ng pangkat ng ating stakeholder gamit ang dalawang mahalagang survey at tatlong task force na pangkat, at isang focus group ng mga magulang. Nangyari ang gawaing ito mula Mayo hanggang sa katapusan ng Hulyo. Ipinadala noong Mayo 2020 ang unang elektronikong survey sa mga pamilya at kawani para makakuha ng pananaw sa kanilang kagustuhan para sa modelo ng distance learning o hybrid learning para sa taglagas. Nagpadala ng parehong bersyon ng survey sa wikang English at Spanish. Nakatanggap kami ng tugon mula sa 1550 pamilya at 445 kawani. Parehong grupo nang na-survey ang pumabor sa distance learning kaysa hybrid learning (59.5% laban sa 40.5%). Ginamit ang impormasyong nakuha sa survey na ito bilang gabay sa gawain ng itinaguyod na tatlong task force para talakayin ang kaligtasan, sosyo-emosyonal na kagalingan, at pagtuturo at pag-aaral. Bilang bahagi ng aming trabaho Task Force na Lupon sa pagtuturo at pag-aaral, gumawa ng mga iskedyul para sa distance learning at hybrid learning para sa bawat antas (Tingnan ang mga Kalakip). Bukod pa rito, gumawa ang lupon na ito ng mga inaasahan sa distance learning para sa mga mag-aaral, kawani, at magulang. Sa sandaling matapos ang trabaho ng mga task force na pangkat, inilakip ang impormasyon tungkol sa mga iskedyul at opsyon sa pagtuturo sa survey na ipinadala sa ating mga pamilya sa simula ng Hulyo. Para suportahan ang survey, ginawa ring available sa wikang English at Spanish ang mga screencast na nagpapaliwanag sa mga modelo ng pagtuturo. Upang makamit ang mithiin na 100% pakikilahok, nakipag-ugnayan ang pangkat sa mga pamilyang hindi tumugon sa paunang survey sa pamamagitan ng telepono at muling ipinadala sa mga pamilyang ito ang link ng survey, o nakumpleto nila ang survey sa tulong ng isang kawani gamit ang telepono. Nasa ibaba ang listahan ng mga lupong tagapayo ng distrito at mga petsa kung kailan namin inilunsad ang LCAP at nakakuha ng input mula sa mga miyembro ng lupon. Ipapadala rin sa LCAP ng mga miyembro ng team ng Mga Pang-edukasyong Serbisyo ang Buod at isang maikling survey upang masuri ito ng mga miyembro ng lupong tagapayo at makapagbigay ng inpt sa balangkas ng LCAP.

DELAC - Noong Agosto 25
Lupon ng mga Magulang sa Espesyal na Edukasyon - Agosto 27
Lupon ng mga Magulang ng African American - sa pamamagitan lamang ng survey
Surbey para sa Magulang para sa Pagbubukas ng mga Paaralan sa Taglagas ng 2020(Mayo 2020)
Surbey para sa Kawani para sa Pagbubukas ng mga Paaralan sa Taglagas ng 2020 (Mayo 2020)
Mga Task Force na Lupon ng SSFUSD - Hunyo/Hulyo 2020 (6 na pagpupulong sa bawat isa - Kalusugan at Kaligtasan, Sosyo-Emosyonal na Kagalingan, Pagtuturo at pag-aaral)
Lupon ng mga Magulang sa Muling Pagbubukas (Hunyo/Hulyo 2020 - 3 pagpupulong)
Pagpupulong ng Lupon ng SSFUSD - Hunyo/Hulyo - mga update ng Task Force na Lupon (2 pagpupulong - Hunyo 11 at 25)
Mga Opsyon ng Modelo sa Pagtuturo para sa Taglagas 2020 ng SSFUSD (Hulyo 15, 2020 - Pagpupulong ng Lupon)
California Teachers Association - sa pamamagitan lamang ng survey
California State Employees Association - sa pamamagitan lamang ng survey

[Paglalarawan ng mga opsyong ibinigay para sa remote na pakikilahok sa mga pampublikong pagpupulong at pagdinig.]

Ang sumusunod ay mga opsyon na ibinigay para sa remote na pakikilahok sa aming stakeholder para makuha ang feedback sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Plano sa Pagdalo:

- Mga virtual na pagpupulong sa Zoom, Google Hangout
- Mga tawag sa telepono sa mga wikang English at Spanish
- Screencast na naka-link sa Survey
- Mga Paggpupulong ng Magulang (DELAC, ...)

[Buod ng feedback na ibinigay ng mga partikular na pangkat ng stakeholder.]

- Maraming magulang ang nagpahayag ng kanilang pagkainis tungkol sa gaano kahirap na maunawaan kung paano mag-navigate sa mga iskedyul, aralin, at aktibidad sa pagtuturo ng kanilang (mga) mag-aaral at makuha ang impormasyon ng link ng pagpupulong. Nahirapan ang mga magulang na mangasiwa sa pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral at tinukoy na mahirap na suportahan ang kanilang mga anak dahil sa kanilang iskedyul sa trabaho at hindi pagiging pamilyar sa mga teknolohikal na kagamitan ng SSFUSD.
- Nabanggit sa aming survey ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata pati na rin ng mga pangkat ng shareholder. Sa aming survey sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan, 20% ng mga tagatugon ang nagsabing kailangan nila ng suporta sa pangangalaga ng bata.

Feedback ng DELAC:

- Mga rekomendasyon sa teknolohiya:

*Suporta sa hotspot para sa mga pamilya mayroong maraming mag-aaral o nakararanas ng mga problema sa koneksyon

*Pag-aalis ng offline na pagdalo at mga nawawalang aralin

- Suporta sa pakikilahok

*Online na pagsasanay

*Paano mananatiling nakikilahok sa pag-aaral

*Pag-aalok ng paggalaw sa antas ng elementarya

*Mga link para sa P.E. video

*Mga aralin sa pangangalaga ng sarili

- Mga Pangangailangan ng Mag-aaral sa Wikang English

*Suporta sa takdang-aralin para sa EL (Pagtu-tutor)

*Tulungan ang mga mag-aaral sa EL nang may pagtuturo

*Higit na suporta sa maliit na pangkat

*Baguhin ang gawain ng mga mag-aaral ng EL

*Napakabilis ng mga aralin sa EL para masundan ito ng mga mag-aaral

*Nahihirapan sundan ang mga video at download ng Guro

[Paglalarawan ng mga aspekto ng Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Plano sa Pagdalo na naimpluwensiyahan ng partikular na input ng stakeholder.]

Batay sa impormasyong ibinahagi sa aming pagpupulong ng DELAC noong Agosto 25, marami sa mga mungkahing ibinigay ng ating mga pamilya ang inilakip sa planong ito:
-Iniulat ng ilang pamilya na kahit ipinahiram sa kanila ng SSFUSD ang WiFI hotspot, nawawalan pa ring ng koneksyon ang kanilang mga mag-aaral. Pinag-iisipan ng SSFUSD ang iba pang opsyon para suportahan ang mga pamilya na nagkakaroon ng mga problema sa koneksyon sa intrnet.
-Humiling ang iba pang kalahok ng mga "How to video" sa wikang Spanish na nagpapaliwanag kung paano maa-access ang iba't ibang platform sa pag-aaral at mga online na sanggunian para sa kanilang mga anak. Gumawa ang SSFUSD ng SSFUSD Distance learning hub para sa mga pamilya at mga mag-aaral.
-Sumang-ayon ang karamihan sa mga kalahok na gusto nila ng higit pang pakikipagkomunikasyon sa pamamagitan ng text sa halip na email, at mas malamang na tutugon sila sa impormasyon na ipinadala sa pamamagitan ng text sa kahalip na email. Pinayagan na ng SSFUSD ang feature na pagpapadala ng text sa School Messenger upang puwedeng "piliin" ng mga pamilya na makatanggap ng mga text na mensahe mula sa SSFUSD.
-Humiling ang ilang kalahok na ipadala rin ang impormasyon sa pamamagitan ng voice mail dahil nahihirapan silang sabay na basahin ang impormasyon sa wikang English at sa kanilang pangunahing wika
Mga aksyon:
-Makikipagtulungan kami sa aming IT department para tingnan kung matutukoy namin ang mga heograpikal na lugar na nagpapakita ng pattern ng mga lugar na may mahinang koneksyon. Kung may makitang pattern, gagawa ng kahilingan ang aming IT department sa T-Mobile para paghusayin ang koneksyon sa internet sa mga lugar na ito
-Makikipagtulungan kami sa aming paaralan para lumikha ng mga hub ng suporta sa kanilang mga paaralan. Tutukuyin sa mga hub na ito ang mga kawani na magsasaayos ng koneksyon o mga problema sa platform para sa pagtuturo.
-Dadalasan namin ang pag-advertise ng aming "Distance Learning Hub ng ag-aaral at Pamilya" na may mga available na tutorial at

sanggunian sa mga wikang English at Spanish (https://sites.google.com/ssfusd.org/ssfusd-students-families/home-p%C3%A1gina-principal) na may kasamang pagpapadala ng mga text gamit ang School Messenger.
-Lumikha kami ng internet website para sa mga kawani na tinatawg na "SSFUSD Distance Learning Hub" kung saan namin inilagay ang aming mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral, mga video sa pagsasanay at iba pang kapaki-pakinabang na sanggunian para sa mga kawani. (https://sites.google.com/commonsense.org/distancelearninghub/home)
-Nakipag-partner kami sa isang organisasyong tinatawag na Modern Teacher para gumawa ng landing page para sa mga guro na naglalaman ng lahat ng impormasyon sa iisang lugar upang mas mainam na makapag-navigate ang mga pamilya.mag-aaral sa kung paano sisuportahan at maa-access ang mga link sa pagpupulong. Nakikipagtulungan din ang SSFUSD sa Modern Teacher para gumawa ng lingguhang plano sa pag-aaral kung saan mabibilang ang impormasyon tulad ng pang-araw-araw na aralin at asynchronous na gawain upang makapunta sa isang pangunahing lugar ang mga nagtatrabahong magulang/tagapag-alaga na hindi masuportahan ang kanilang mag-aaral sa mga araw sa paaralan para tulngan ang kanilang mag-aaral sa kanilang pag-aaral.
Tingnan din ang Bahagi tungkol sa Access sa mga Device at Koneksyon sa Distance Learning ng Plano.

Pagpapatuloy ng Pag-aaral

Mga Alok sa Personal na Pagtuturo

[Paglalarawan ng mga aksyon na isasagawa ng LEA para mag-alok ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan kung maaari, lalo na para sa mga mag-aaral na nakaranas ng lubhang pagkawala ng pagkatuto dahil sa mga pagsasara ng paaralan sa taong pampaaralan 2019-2020 o nasa malaking panganib na makaranas ng kawalan ng pagkatuto dahil sa mga pagsasara ng paaralan sa hinaharap.]

Bilang bahagi ng Plano sa Muling Pagbubukas ng Paaralan sa Pandemya, bumuo ng mga plano ang SSFUSD para sa 3 magkakaibang sitwasyon sa pagbubukas. Kabilang sa mga ito ang 100% distance learning, hyrbrid, at 100% personal na pagtuturo. Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas, layunin na tiyakin ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy, komprehensibo at balanseng pagtuturo sa buong panahon sa bawat sitwasyon. Mahalaga ang layuning ito sa pagbubuo ng plano sa muling pagbubukas dahil pinapanatili nitong priyoridad ang pagiging makatarungan at pagbibigay ng access sa lahat ng pagdedesisyon. Dahil dito, may dalawang magkaibang personal na modelo. Binalangkas ang tiyak na katangian ng mga personal na oportunidad sa pag-aaral.sa gawain ng 3 Task fore na pangkat na nagpulong noong Hunyo. Binubuo ng mga magulang, guro, administrador ng paaralan at mga pandistritong administrador ang bawat task force. Bumuo ang SSFUSD ng isang paraan na may mga yugto para sa ating mga modelo sa pagtuturo. Sa Yugto 1, lahat ng mag-aaral ay sasailalim sa 100% Distance learning. Yugto 2 at Yugto 3 ay partikular para sa personal na pagtuturo.

Sa Yugto 1, lahat ng mag-aaral ay sasailalim sa 100% distance learning.
Yugto 2 - mga pinakanangangailangang mag-aaral lamang ng SSFUSD, na kabilang ang mga mag-aaral ng wikang English, mga mag-aaral sa special education, at makakatanggap ang mga foster na kabataan at walang tirahan ng personal na pagtuturo/suporta batay sa itinalagang araw para sa kanilang pangkat. Mananatili sa distance learning ang lahat ng iba pang mag-aaral.
Yugto 3-makakatanggap ang lahat ng mag-aaral na pumili ng hybrid learning ng personal na pagtuturo batay sa mga itnalagang araw para

sa kanilang pangkat. Kakailanganin ng mga mag-aaral na dumadalo ng klase sa paaralan at mga kawani na nagtatrabaho sa mga silid-aralan na sumunod sa ankop na pagdistansya sa kapwa at mga protocol sa kalusugan at kalinisan.

Pleksibleng Pagpapangkat
Gaya ng ipinakita sa mga modelong hybrid (tingnan ang mga kalakip), priyoridad ng SSFUSD ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na maaaring nakaranas ng malubhang kawalan ng pagkatuto. Bilang simula, binigyang priyoridad ang mga pangangailangan ng aming mas nangangailangang mga pangkat ng mag-aaral para tumanggap ng personal na pagtuturo sa Yugto 2. Higit pa rito, kabilang sa iskedyul ng bawat antas ang mga libreng oras sa lahat ng 3 yugto. Sa panahon ng ganitong pleksibleng pagtuturo, puweng magturo ang mga guro sa maliliit na pangkat o nang one-on-one sa mga mag-aaral na natukoy na may kawalan ng pagkatuto.

Libreng Oras
Para sa mga iskedyul ng tatlong distrito (Elementarya, Middle, at High School), nagdagdag ang SSFUSD ng Libreng oras bago at pagkatapos ng bell schedule. Layunin ng Libreng oras na magbigay ng karagdagang pagtuturo/suporta ng isang sertipikadong kawani para sa mga mag-aaral sa isang kapaligiran na iniangkop sa indibidwal o sa maliit na pangkat upang matugunan ang mga pang-akademiko o sosyo-emosyonal na png ating mga mag-aaral.

Mga Hakbang sa Pagtatasa
Maaaring maging mahirap tukuyin ang pagtatasa sa kawalan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa ating mga mag-aaral ng wikang English dahil sa kawalan ng mapagbuod na impormayon sa ELPAC para sa marami nating mag-aaral dahil sa pagpapatupad ng kanlungan para sa COVID-19 na nagsimula noong Marso 16, 2020 para sa SSFUSD. Gumamit ang ating mga gusro ng higit na hakbang sa formative na pagtatasa kabilang ang mga Imbentaryo sa Literably, Pagbabasa, at mga pagtatasa na may naka-embed na kurikulum para tukuyin ang kawalan ng pagkatutto. Bukod pa rito, sinisikap ng SSFUSD na ilakip ang iba pang diagnostikong pagtatasa kablang iyong available para sa ELA at math gamit ang IXL at Illuminate. Lalo na, para tukutin ang patuloy na pag-unlad sa wikang English ng ating mga mag-aaral sa wikang English at pinag-iisipan ang paggamit ng pagtatasa tulad ng Test of English Language Learning (TELL). Patuloy na iniimbestigahan ng ating team ng mga espesyalista sa kurikulum kabilang ang TOSAs sa nilalaman, ELD TOSAs at mga Espesyalista sa Pagbabasa ang formative na kagamitan para tulungan ang mga guro na matukoy ang mga pangangailangan sa pagkatuto ng mag-aaral.

Saklaw at Pagkakasunod-sunod - ELA/Math
Naglaan ng oras ngayong tag-araw ng 2020 ang mga team ng TOSA at Pamunuan ng Guro sa ELA/Math sa pagsusuri sa Saklaw at Pagkakasunod-sunod sa ELA/math. Gumawa ng desisyon tungkol sa mga priyoridad na pamantayan at para gamitin ang 2020 - 2021 Achive the Core Instructional Content Priorities sa ELA/math para matukoy kung kailangan ng SSFUSD na magsagawa ng mga pagbabago sa ating Saklaw at Pagkaksunod-sunod. Tinukoy ng mga dokumentong ito ang mga priyoridad sa nilalaman ng pagtuturo sa matematika (K–8, high school) at ELA/kakayahang magbasa at magsulat (K–12) para sa taong akademiko 2020-21. Nagbibigay ng gabay ang mga ito sa field tungkol sa mga priyoridad sa nilalaman sa pamamagitang ng paggamit sa estruktura at mga pagpapahalaga sa matematika na handa para sa kolehiyo at karera at mga pamantayan sa ELA/kakayahang magbasa at magsulat. Narito ang link sa dokumento ng Achieve the Core Instructional Priority:
https://achievethecore.org/page/3267/2020-21-priority-instructional-content-in-english-language-arts-literacy-and-mathematics

Kalusugan at Kaligtasan
Dagdag pa, nakabatay ang mga plano sa muling pagbubukas sa sumusunod na apat na haligi na kaugnay ng kalusugan at kaligtasan ng

lahat ng mag-aaral: (1) Kalusugan at Kalinisan ng Katawan, (2) Mga Pantakip sa Mukha, (3) Pagdistansya sa Kapwa, and (4) Limitadong Pagtitipon: Nagbibigay ang Modelong Hybrid Learning sa mga TK-12 na mag-aaral ng kombinasyon ng personal at distance learning. Nakatuon ang lupon sa Kalusugan at Kaligtasan sa pagbuo ng pamamaraan para sa paglipat ng SSFUSD sa hybrid na tuloy-tuloy na modelo upang makapagsagawa ng ligtas na karanasan sa personal na pag-aaral para sa ating mga mag-aaral at kawani.

Mga Aksyon Kaugnay ng mga Alok sa Personal na Pagtuturo [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hanay at aksyon kung kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Mga Protokol sa Kalusugan at Kalinisan sa Katawan: • Tiyaking na sumusunod ang lahat ng stakeholder sa 4 na haligi at lahat ng paraan para sa kaligtasan • Paglilinis ng mga banyo 2-3 beses kada araw • Pagbili ng mga face shield para sa lahat ng kawani • Pagbili ng mga pantakip sa mukha para sa mga kawani/mag-aaral kung sakaling nakalimutang magdala sa paaralan ng pantakip sa mukha • Pagbili ng mga spray gun/mister machine para sa bawat paaralan • Pagbili ng hand sanitizer, mga dispenser atbp. • Pagbili ng karatula para sa lahat ng gusali para ipaalala sa mga stakeholder tungkol sa pisikal na pagdistansya/mga pantakip sa mukha • Pagbili ng Plexiglas para gawing harang sa mga kawani na madalas na nakikihalubilo sa publiko/mga mag-aaral • Mga Pangangailangan sa Pagdistansya sa Kapwa sa mga Paaralan kapag lumipat na ang SSFUSD sa Hybrid na Tuloy-tuloy na modelo sa yugto 2/3 • Kailangang manatiling nakadistansya nang hindi bababa sa anim (6) na talampakan ang mga mag-aaal, guro ng SSFUSD, kawani, at magulang. • Kailangang sumusupora sa pagdistansya sa kapwa ang lahat ng aktibidad, sa pagtuturo o sa iba pa at dapat ipatupad sa lahat ng paaralan sa lahat ng oras. • Gagamit ng mga panlabas na lugar ang pagtatanghal ng mga sining at mga kaparehong aktibidad kung maaari. • Magtatalaga ng mga banyo sa mga partikular na silid-aralan. • Magtatalaga ang mga paaralan ng mga daanang papasok at palabas para limitahan ang direktang pakikihalubilo sa iba. • Babawasan ng mga paaralan ang paglalakad sa mga pasilyo sa pamamagitan ng pagtalaga sa mga guro na siyang lilipat sa mga silid-aralan, sa halip na ang mga mag-aaral at/o hati-hatiin ang mga oras ng pagsisimula at magtalaga ng mga tiyak na daanan para sa paglilibot sa loob ng paaralan.	105,455.85	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
• Lilimitahan ng mga paaralan ang pisikal na edukasyon sa mga aktibidad na walang pakikihalubilo na may mga kinakailangan para sa pagdistansya sa kapwa. • Maglalagay ang SSFUSD ng mga pisikal na harang tulad ng mga sneeze guard at mga dingding sa mga lugar kung saan mahirap panatilihin ang pagdistansya (hal. mga reception area).		
Bubuo ang SSFUSD ng pamamaraan para sa kaligtasan at makikipag-ugnayan sa lahat ng stakeholder upang bawasan ang pagkalat ng COVID-19 kapag lumipat na ang SSFUSD sa modelo ng Hybrid Continuum Learning para sa yugto 2/3: • Mga Protocol sa Paghahatid: (Pamamaraan sa Paghatid at Pagsund) • Hahati-hatiin ang mga oras sa pagdating at pagsundo para limitahan ang direktang pakikihalubilo sa mga indibidwal. • Makikipag-ugnayan ang mga paaralan tungkol sa mga iskedyul at protokol sa paghatid at pagsundo sa mga magulang/tagapag-alaga bago magsimula ang paaralan o sa yugto 2 ng pagtuturo • Ipapatupad ng gma tauhan ng SSFUSD ang pagdistansya sa kapwa at mga pantakip sa mukha habang naghahatid at sumusundo	0	Oo

Programa sa Distance Learning

Pagpapatuloy ng Pagtuturo

[Paglalarawan sa kung paano magbibigay ang LEA ng pagpapatuloy ng pagtuturo sa panahon ng taong pampaaralan para tiyakin na may access ang mga mag-aaral sa buong kurikulum na may kaparehong kalidad sa kabuuan anuman ang paraan ng pagtuturo, kabilang ang plano ng LEA para sa mga sa nggunian sa kurikulum at pagtuturo na titiyak sa pagpapatuloy ng pagtuturo para sa mga mag-aaral kapag kailangan na ang paglipat sa pagitan ng personal na pagtuturo at distance learning.]

Bilang bahagi ng Plano sa Muling Pagbubukas ng Paaralan sa Pandemya, bumuo ng mga plano ang SSFUSD para sa 3 magkakaibang sitwasyon sa pagbubukas. Kabilang sa mga ito ang 100% distance learning, hyrbrid, at 100% personal na pagtuturo. Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas, layunin na tiyakin ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy, komprehensibo at balanseng pagtuturo sa buong panahon

sa bawat sitwasyon. Mahalaga ang layuning ito sa pagbubuo ng plano sa muling pagbubukas dahil pinapanatili nitong priyoridad ang pagiging makatarungan at pagbibigay ng access sa lahat ng pagdedesisyon. Dagdag pa, binibigyang pansin ng layuning ito sa pagbuo ng Yugto 1 ng 100% Distance Learning model. Bahagi ng mga pagsisikap ang pagtiyak na kabilang sa tuloy-tuloy na pagtuturo ang pag-oorganisa ng mga masaklaw na oportunidad sa propesyonal na pagpapaunlad sa Distance Learning para sa ating mga guro bago ang unang araw ng paaralan sa Agosto 17.

Idinisenyo ang iskedyul ng pagtuturo sa elementaryang antas para tiyakin ang angkop na oras para sa pagtuturo ng ELA at matematika. Pinili ang Seesaw learning platform para mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa elementarya na mag-navigate at makilahok sa napakaraming aktibidad sa ELA at matematika. Pinakamahalaga, pinapayagan ng iskedyul sa elementarya ang mga guro na synchronous na magturo sa maliit na pangkat online gamit ang platform. Dahil dito, pinapayagan nito ang mga guro na bumuo ng malakas na ugnayan at koneksyon sa mga mag-aaral kahit na sa isang virtual na kapaligiran. Ang paglalagay ng libreng oras ang nagbibigay sa ating mga kawani sa pagtuturo ng paraan para higit na makipagtulungan sa mga mag-aaral at para mapahusay ang kakayahan ng bawat mag-aaral na ma-access ang buong kurikulum.

Sa sekondaryang antas, idinisenyo ang block schedule (4x4 sa antas ng middle school at 3x3 sa antas ng high school) na pinapayagan ang mga mag-aaral na tapusin ang kurso sa isang semestre sa halip na isang taon. Dahil ginagawa ang lahat ng desisyon batay sa kaligtasan bilang priyoridad, nililimitahan ng block schedule ang pakikihalubilo ng mag-aaral at kawani kung at kapag humantong na tayo sa mga yugto 2 at 3 sa Hybrid Continuum learning model. Sa pamamagitan ng paglimita sa bilang ng klase, tutulungan nito ang mga kawani/mag-aaral sa paglibot sa paaralan at kung gayon, higit na mababawasan ang posibleng pagkalantad sa COVID-19. Dagdag pa, pinapayagan nito ang mga kawani sa sekondarya na tumuon sa pagtuturo ng 2-3 klase kada semestre dahil kakailanganin ng mga guro na muling idisenyo ang mga aralin at yunit sa pagtuturo upang bigyang priyoridad ang mahahalagang/mga pangunahing pamantayan sa kurikulum ng ELA/math. Dahil nakatalaga ang Miyerkules bilang araw ng asynchronous na pag-aaral para sa mga mag-aaral sa lahat ng bell schedule, magagamit ng mga kawani ang mga Miyerkules para magsagawa ng mga Oras sa Opisina, makilahok sa propesyonal na pagpapaunlad o dumalo sa mga oportunidad na makipagtulungan sa buong distrito kung saan bubuo ang mga kawani ng mga aralin/yunit nang magkakasama sa lahat ng antas o baitang. Papayagan din ng format na ito ang isang maayos na paglipat mula sa estruktura ng 100% distance learning tungo sa hybrid na modelo ng pagtuturo nang hindi nagdudulot ng malaking pagkagambala sa pangunahing iskedyul. Dahil dito, pinapayagan nito ang mga mag-aaral na manatiling nasa landas para matugunan ang A-G at iba pang kinakailangan sa pagtatapos.

Mga Materyales sa Pagtuturo:
Available online ang lahat ng materyales sa kurikulum ng ELA na may access para sa mga guro at mag-aaral. Sa elementaryang antas, kabilang dito ang kurikulum sa ELA ng Wonders pati na rin ang StudySync. Online para sa elementaryang antas ang Math Expressions. Dagdag pa sa naka-embed na kurikulum ng ELD na makikita sa Wonders at StudySync, available din ang kurikulum sa English 3D, at Academic Vocabulary Toolkit sa pamamagitan ng mga digital platform. Madaling ilipat ang lahat ng materyales na ito mula sa 100% distance learning model tungo sa hybrid na modelo sa pagtuturo.

Inaprubahan na Board of trustees ng SSFUSD ang paggamit lamang ng iniangkop na kurikulum ng distrito anuman ang modelo sa pagtuturo. Tutulungan ng desisyong ito ang SSFUSD na magbigay ng pagkakataong maging consistent at gawing simple ang mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral dahil nasa 100% ditance learning ang mga mag-aaral at susundan naman ng mga mag-aaral sa hybrid continuum model ang parahong saklaw at pagkakasunod-sunod anuman ang modelo sa pagtuturo sa lahat ng asignatura.

Access sa mga Device at Koneksyon

[Pagkakarawan sa kung paano titiyakin ng LEA ang access sa mga device at koneksyon para sa lahat ng mag-aaral para suportahan ang distance learning.]

Nakipag-ugnayan ang SSFUSD sa bawat pamilya sa ating komunidad sa pamamagitan ng Survey sa mga Opsyon sa pagtuturo na isinagawa sa simula ng Hulyo. Idinisenyo ang survey na ito para makipag-ugnayan sa lahat ng pamilya, ngunit lalong nakatuon sa ating mga pamilya na nahihirapang maka-access sa mga device at koneksyon pagkatapos ng pagsasara ng paaralan sa taong pampaaralan 2019–2020. Dalawang napakahalagang tanong ang itinanong sa survey na ito:
-Inaasahan mo ba ang pangangailangang humiram ng isang tech device (laptop/iPad) mula sa SSFUSD para sa taong pampaaralan 2020–2021?
-Inaasahan mo ba ang pangangailangan sa isang hotspot para sa koneksyon sa internet para sa taong pampaaralan 2020–2021?
Dahil hiniling sa mga pamilya na kumpletuhin ang survey para sa bawat isa sa kanilang mga mag-aaral, nakakolekta ang SSFUSD nh impormasyong kailangan nito para mag-alok ng mga karagagang device para sa koneksyon sa mga pamilya na maaaring maraming miyembrto ang sinusubukang virtual na makakonekta sa kanilang mga learning platform nang sabay-sabay. Mukhang ang kawalan ng koneksyon ang isa sa pinakakaraniwang dahilan na tinukoy ng mga mag-aaral/pamilya na hindi nakalahok sa online learning noong tagsibol. Dahil sa mga ito, nagsagawa ng mga karagdagang pagsisikap sa ating mga site ng Title I para matiyak na may device at koneksyon ang bawat isang mag-aaral para tiyakin ang maayos na access sa kanilang mga programa/platform sa pagtuturo para sa taong pampaaralan 2020–2021.

Mga Pamilyang may Natatanging Kalagayan:
Batay sa impormasyong ibinahagi sa aming pagpupulong ng DELAC noong Agosto 25, marami sa mga mungkahing ibinigay ng ating mga pamilya ang inilakip sa planong ito:
-Iniulat ng ilang pamilya na kahit ipinahiram sa kanila ng SSFUSD ang WiFI hotspot, nawawalan pa ring ng koneksyon ang kanilang mga mag-aaral.
-Humiling ang iba pang kalahok ng mga "How to video" sa wikang Spanish na nagpapaliwanag kung paano maa-access ang iba't ibang platform sa pag-aaral at mga online na sanggunian para sa kanilang mga anak.
-Sumang-ayon ang karamihan sa mga kalahok na gusto nila ng higit pang pakikipagkomunikasyon sa pamamagitan ng text sa halip na email, at mas malamang na tutugon sila sa impormasyon na ipinadala sa pamamagitan ng text sa kahalip na email.
-Humiling ang ilang kalahok na ipadala rin ang impormasyon sa pamamagitan ng voice mail dahil nahihirapan silang sabay na basahin ang impormasyon sa wikang English at sa kanilang pangunahing wika.
-Tinawagan ng SSFUSD at mga kawani ng paaralan ang mga pamilya para mag-follow up sa mga hindi pa nakakumplet ong survey.
Nagbigay ito sa atin ng oportunidad na gawan ng paraan at tukuyon kung kailangan ng mga karagdagang suporta maliban sa pagbibigay ng tech device at koneksyon sa interenet sa ating mga mag-aaral/pamilya.

Mga Aksyon:
-Bibili tayo ng mga IPAD para sa mga mag-aaral sa baitang TK - 2 at mga Chromeook para sa lahat ng mag-aaral sa baitang 3 - 12.
-Bibili tayo ng mahigit sa 3000 hotspot para tiyakin na may koneksyon sa internet ang lahat ng mag-aaral.

-Bibili tayo ng Chromebook para sa lahat ng magkakauring kawani na direktang nakikipagtulungan sa mga mag-aaral (tinatayang 200 kawani).
-Bibili tayo ng laptop (Macbook air) para sa lahat ng sertipikadong kawani at administrador para suportahan ang mga kawaning naghahatid ng pagtuturo/suporta sa paaralan o mula sa kanilang tahanan.
-Makikipagtulungan kami sa aming IT department para tingnan kung matutukoy namin ang mga heograpikal na lugar na nagpapakita ng pattern ng mga lugar na may mahinang koneksyon. Kung may makitang pattern, gagawa ng kahilingan ang aming IT department sa T-Mobile para paghusayin ang koneksyon sa internet sa mga lugar na ito.
-Lumilikha ang bawat paaralan ng "Support Center Hub" para tulungan ang mga mag-aaral at pamilya sa distance learning at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa, makakatulong ang mga kawani ng Support Center Hub sa pagtulong sa takdang-aralin at mga kawani mismo ang unang makikipag-ugnayan sa mga pamilya/mag-aaral na lumiban nang 3 o higit pang araw sa isang linggo. Maaaring kailanganin ng mga kawani ng Support Center Hub na magsagawa ng mga "pagbisita sa bahay" upang makakuha ng karagdagang impormasyon para suportahan ang mag-aaral/pamilya sa panahon ng distance learning.
-Dadalasan namin ang pag-advertise ng aming "Distance Learning Hub ng ag-aaral at Pamilya" na may mga available na tutorial at sanggunian sa mga wikang English at Spanish (https://sites.google.com/ssfusd.org/ssfusd-students-families/home-p%C3%A1gina-principal).
-Magsasagawa ang aming Educational Technology Teacher on Special Assignment (TOSA) ng mga webinar para matutuhan ng mga magulang ang tungkol sa mga panteknolohiyang kagamitan (Google Classroom, Seesaw, Zoom, at Google Meet) at suportahan ang kanilang mga mag-aaral sa distance learning.
-Maglulunsad kami ng SMS functionality sa School Messenger, ang sistema sa elektronikong pag-abiso ng Distrito, para sa mga magulang at tagapag-alaga na gustong makatanggap ng mga mensaheng SMS (text).
-Nagdagdag kami ng nakatuon na tech hotline ng Distrito (650-877-8700 x8611) para tawagan ng mga mag-aaral at pamilya para sa panteknolohiyang tulong.
-Lumilikha ang bawat paaralan ng "Support Center Hub" para tulungan ang mga mag-aaral at pamilya sa distance learning at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa, makakatulong ang mga kawani ng Support Center Hub sa pagtulong sa takdang-aralin at mga kawani mismo ang unang makikipag-ugnayan sa mga pamilya/mag-aaral na lumiban nang 3 o higit pang araw sa isang linggo. Maaaring kailanganin ng mga kawani ng Support Center Hub na magsagawa ng mga "pagbisita sa bahay" upang makakuha ng karagdagang impormasyon para suportahan ang mag-aaral/pamilya sa panahon ng distance learning.

Pakikilahok at Pag-unlad ng Mag-aaral

[Paglalarawan kung paano susuriin ng LEA ang pag-unlad ng mag-aaral sa pamamagitan ng live na pakikipag-ugnayan at mga tala sa synchronous na pag-aaral, at paglalarawan sa king paano susukatin ng LEA ang pakikilahok at oras ng gawain ng mag-aaral.]

Binanggit ng plano sa Distance Learning ng SSFUSD para sa elementarya at sekondarya ang kahalagahan ng mga tala sa synchronous at asynchronous na pagtuturo. Naniniwala rin ang Task Force sa Pagtuturo at Pag-aaral na nagpulong noong Hunyo na bahagi ng pagsusuri sa pag-unlad ng mag-aaral ang pagtataguyod ng Mga Inaasahan sa Distance Learning para sa mga mag-aaral (tingnan ang Aksyon 1) at mga magulang (tingnan ang Aksyon 3).

Pagbabantay ng Pagdalo at Lingguhang Pakikilahok

Babantayan ang pakikilahok at akademikong pag-unlad ng mag-aaral gamit ang iba't ibang panukat sa antas ng silid-aralan at paaralan, kabilang ang araw-araw na pagdalo, pakikilahok ng mag-aaral at pagkumpleto ng mga takdang-aralin, at pagiging bihasa sa nilalaman at mga kasanayan. Iuulat ng mga guro ang araw-araw na pagdalo sa loob ng unang 10 minuto ng pagsisimula ng mga live na sesyon ng synchronous na klase, sa simula ng araw para sa elementarya at sa bawat klase para sa sekondarya. Tuwing Miyerkules para sa asynchronous na pag-aaral, magtatalaga ang mga guro ng mga aktibidad sa asynchronous na pag-aaral at ibabatay ang pagdalo sa pakikilahok ng mag-aaral, kabilang ang pagkumpleto ng isang gawain sa pamamagitan ng learning management system o iba pang digital na kagamitan, pagsusumite ng asynchronous na gawan, o pagdalo sa mga oras ng opisina o libreng oras para sa indibidwal o maliit na pangkat na pakikipagpulong sa guro. Iuulat ng mga guro ang pagdalo sa student inforamtion system hanggang 3:30 p.m. tuwing Miyerkules. Aabisuhan ang mga magulang/tagapag-alaga sa mga pagliban at pagkahuli ng mag-aaral sa pamamagitan ng School Messenger, ang sistema sa elektronikong pag-abiso ng Distrito, na may email o mensahe sa telepono na ipinadala sa mga wikang English, Spanish, Tagalog, Cantonese, o Samoan. Dagdag pa sa mga awtomatikong abiso sa pamamagitan ng School Messenger, mga guro din ang unang makikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya kapag natukoy nila na hindi dumadalo sa mga sesyon ng klase ang isang mag-aaral.

Dagdag pa sa araw-araw na pagdalo, babantayan at susubaybayan din ng mga guro ang pakikilahok ng mag-aaral sa mga live na synchronous na sesyon at pagkumpleto ng mga takdang-aralin. Gagamitin ng mga guro ang mga panukat na ito para matukoy ang Weekly Engagement Indicator, na iuulat nila sa katapusan ng bawat linggo para sa bawat mag-aaral sa student information system ng Distrito. Mga guro din ang unang makikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya kapag natukoy nila na hindi nakikilahok ang isang mag-aaral sa mga sesyon ng klase o hindi nagsusumite ng mga takdang-aralin.

Babantayan ng mga kawani ng paaralan at distrito ang araw-araw na pagdalo at weekly engagement indicator para matukoy ang mga mag-aaral na hindi nakikilahok sa distance learning at makikinabang mula sa karagdagang pakikipag-ugnayan at mga sanggunian. Para sa mga mag-aaral n anatukoy na lumiban nang 3 araw o 60% ng linggo sa pagtuturo, makikipag-ugnayan ang mga kawani sa mag-aaral at kaniyang pamilya at magbibigay ng follow up na maaaring kabilang ang pag-refer sa mga oras ng opisina ng guro o libreng oras, suporta sa teknolohiya, pag-refer sa mga sanggunian ng distrito o komunidad, at iba pang kaugnay na mga pansuportang serbisyo para sa mag-aaral at/o pamilya. Tutuon ang mga pakikipag-ugnayan sa pagfollow-up sa mga suporta na makatutulong sa mag-aaral na mapahusay ang kaniyang pagalo, pakikilahok, at pagkumpleto ng gma takdang-aralin. Idodokumento ang mga pakikipag-ugnayan at resolusyon sa student information system ng Distrito. Isasagawa ng mga kawani ang karamihan sa mga gawain sa "Support Center Hub: ng bawat paaralan na bubuuin ng mga sertipikado at magkakauring kawani. Pamamahalaan ng pamunuan ng paaralan ang pang-araw-araw na operasyon ng Support Center Hub at maaaring i-customize ang mga "tier ng suporta" batay sa mga pangangailangan ng mag-aaral/paaralan/komunidad.

Propesyonal na Pagpapaunlad sa Distance Learning

[Paglalarawan ng propesyonal na pagpapaunlad at mga sa nggunian na ibibigay sa mga kawani para suportahan ang programa sa distance learning, kabilang ang teknolohikal na suporta.]

Habang naghahanda kami para sa taong pampaaralan 2020-2021, hindi malinaw sa amin hanggang sa nalalapit na ang pagsisimula ng paaralan kung magsisimula kami sa 100% distance learning model o kung mapapayagan namin ang mga mag-aaral na personal na pumunta sa paaralan sa pamamagitan ng hybrid model. Kahit pa narating lamang ang pinal na desisyon na magsimula sa distance learning model ilang linggo lamang (Hulyo 15) mula sa pagsisimula ng paaralan, nakahanda ang departamento ng Mga Pang-edukasyong Serbisyo.

Sa kabutihang palad, nakamit ang memorandum of understanding nang ipagpaliban ng samahan ng mga guro ang pagsisimula ng paaralan nang ilang araw mula Agosto 12 tungo sa Agosto 17. Pinayagan nito ang muling pagsasaayos ng mga araw ng propesyonal na pagpapaunlad tungo sa pagsisimula ng taong pampaaralan at pagpapalawig ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral mula Agosto 11–13. Dagdag pa, may mga opsyonal (may bayad) na oportunidad para sa ating mga guro na dumalo sa mga pinag-isipan at hiniling na oportunidad sa propesyonal na pag-aaral sa mga linggo bago ang mga kinakailangang araw para sa propesyonal na pagpapaunla\d. Nakatuon lamang ang mga kinakailangang araw, pati na ein ang mga opsyonal na araw, sa propesyonal na pag-aaral kaugnay ng pagtuturo sa distance learning.

Sa departamento ng Mga Pang-edukasyong Serbisyo, pinabilis ng TOSAs sa nilalaman, Educational Technology, at ELD ang trabaho sa napakaraming oportunidad parasa propesyonal na pag-aaral para suportahan ang lahat ng kawani sa pagtuturo ng SSFUSD na maging mahusay sa pagtuturo sa distance learning. Bilang bahagi ng trabahong ito, ginawa ng EDS team ang SSFUSD Distance Learning Hub, isangwebsite kung saan nakalista ang lahat ng nalalapit na sesyon para sa propesyonal na pagpapaunlad ng Distrito (tingnan ang mga kalakip) pati na rin ang isang Knowledge Base na may mga pantulong na gabay sa user para sa iba't ibang online tool na inaprubahan ng Distrito. Sa simula pa lang ay nauunawaan nang ang ganitong mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral ay kailangang isagawa para matugunan ang mga pangangailangang ng iba;'t ibang guro mula sa mg baguhan hanggang sa mga bihasa, sa kanilang pagkaunawa sa online na pagtuturo at kahusayang digital. Dagdag pa, alam ng team ng TOSA na marami sa ating mga guro ang mangangailangan ng access sa mga presentayong ito sa ibang pagkakataon, kaya nakarekord ang marami sa mga sesyon. Sinadya ang paggamit ng ganitong synchronous at asynchronous na mga oportunidad sa pag-aaral sa pagmodelo ng asal na puwedeng gayahin ng mga guro sa kanilang mga online learning platform para sa kanilang sariling mga mag-aaral. Isang oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral na kinakailangan sa ating mga guro ang mula sa Modern Teacher na nagpapakita kung paano bubuo ang mga guro ng mga landing page para sa kanilang nilalaman/baitang. Inilaan ang mga landing page para maging resource hub para sa mag-aaral at mga pamilya para sa kurso ng bawat guro, na may impormasyon kung paano maa-access ang mga materyales sa klase at mga live na synchronous session, syllabus ng kurso at mga inaasahan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng guro, at iba pang sanggunian ng kurso, paaralan, at digital na pag-aaral. Higit pa rito, pinag-iba-iba ang mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral ayon sa baitang, mga nilalaman, antas ng kasanayan ng user, at mga natatanging pangkat ng mag-aaral tulad ng mga mag-aaral na may mga kapansanan at mga mag-aaral ng wikang English.

Mga Tungkulin at Responsibilidad ng mga Kawani

[Paglalarawan ng mga bagong tungkulin at responsibilidad ng mga apektadong kawani bilang resulta ng COVID-19.]

Isa sa mahahalagang tungkulin at responsibilidad ng mga kawani sa pagtuturo ng SSFUSD ang pagsunod sa sariling saklaw at pagkakasunod-sunod ng mga kurso ng distrito anuman ang ginagamit na pagtuturo, personal man o sa pamamagitan ng distance learning. Malawak ang iniangkop na kurikulum at naglalaman ng iba't ibang materyales sa pagtuturo na ginawa nang available sa mga online tool kabilang ang Wonders (kasama ang ELD), StudySync (kasama ang ELD), English 3D, Math Expressions, at IXL, o binabago ng mga guro ang kurikulum at nagbibigay ng direktang pagtuturo sa pamamagitan ng mga synchronous na aralin. Dagdag pa, nagdulot ng iba;t ibang bagong inaasahan ang taong pampaaralan 2020–21 para sa mga guro kaugnay ng distance learning. Kablang dito ang (Tingnan ang Aksyon 2):

- Paggamit ng iisang learning management systems ayon sa baitang.
- Google Classroom para sa mga baitang 3–12

- Seesaw para sa mga baitang TK–2 (mga baitang TK–5 para sa mga katamtaman/maraming mag-aaral)
- Dapat na hindi bababa sa 60% synchronous at 40% asynchronous ang balanse ng synchronous vs asynchronous na pagtuturo kada araw/linggo.
- Na bubuo ang bawat guro ng landing page para gabayan ang mga pamilya/mag-aaral sa mga sanggunian sa distance learning para sa kanilang nilalaman/silid-aralan.
- Na maglalathala ang bawat guro ng lingguhang plano sa pag-aaral na may mga aktibidad sa pag-aaral, takdang-aralin, at mga pagtatasa (na ipapatupad kapag nakumpleto na ang pagsasanay sa Oktubre).

Mga Suporta para sa mga Mag-aaral na may mga Natatanging Pangangailangan

[Paglalarawan ng mga karagdagang suporta na ibibigay ng LEA sa panahon ng distance learning para tulungan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, kabilang ang mga mag-aaral ng wikang English, mga mag-aaral na may mga pambihirang pangangailangan na tutugunan sa buong pagpapatuloy ng mga placement, mga mag-aaral na nasa forster na pangangalaga, at mga mag-aaral na nakararanas ng kawalan ng tirahan.]

Maraming suporta ang ipinapatupad o isinasaalang-alang paa tulungang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng marami sa ating mga pangkat ng mag-aaral sa estruktura ng distance learning. Dagdag pa, mayroon ding mga alok na kaugnay sa mga paksa ng pagtataguyod ng komunidad at pagtugon sa mga sosyo-emosyonal na pangangailangan sa panahon ng online na pagtuturo. Gayunpaan, isa sa mga pinakamahahalagang elemento na kabilang sa modelo ng distance learning ng SSFUSD ang sinadyang disenyo ng iskedyul ng elementarya at sekondarya na may kalakip na libreng oras ng pagtuturo (tingnan ang kalakip na iskedyul). Sa panahon ng mga libreng oras, puwedeng imbitihanan ng mga guro ang indibidwal o maliliit na pangkat ng mga mag-aaral para sa mga oportunidad ng karagdagang pagtuturo para mabawasan ang kawalan ng pagkaturo.
Lilikha ang bawat paaralan ng "Suport Center Hub" para magbigay ng mga kinakailangang suporta at magbigay ng pakikipag-ugnayan upang ma-access at makalahok ang lahat ng mag-aaral sa distance learning. Maaring naka-customize ang mga suportang ito at maaaring kabilang ang: tech na suporta, tulong sa paglilinaw ng mga takdang-aralin, tulong sa takdang-aralin, mga karagdagang serbisyo na maaaring angkop sa paaralan/komunidad.

Mga Aksyon Kaugnay ng mga Alok sa Personal na Pagtuturo [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hanay at aksyon kung kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Aksyon 1: Pagtataguyod ng mga Inaasahan sa Distance Learning para sa mga Mag-aaral: • Maging nasa oras para sa klase • Huwag umalis sa mga online na sesyon maliban kung para sa mga emergency • Gumawa ng lugar at nakatuong oras para sa pag-aaral • Panatilihing naka-on ang video hangga't maaari • Gumamit ng mga learning management system na inaprubahan ng distrito (Seesaw - K - 2, Google Classrom - 3 - 12) • Sumunod sa mga pamantayan/tuntunin na itinakda ng distrito, paaralan at guro • Magpakita ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga takdang-aralin	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
• Humingi ng tulong kung kinakailangan Mag-aambag ang aksyong ito sa pagpapahuusay ng mga seriyso sa mga mag-aarala sa pammagitan ng pagtataguyod ng batayan para tulungang gabayan ang mga guro sa pagtukoy ng mga mag-aaral na maaaring nangangailangan ng karagdagang panahon at suporta para makamit ang mga inaasahang ito, lalo na sa pagkumpleto ng mga takdang-aralin.		
Aksyon 2: Pagtataguyod ng mga Inaasahan sa mga Guro sa Distance Learning: Mag-post ng pang-araw-araw na gawain sa klase hanggang 8:00am kada araw sa paaralan Kapag nagpapatupad ng mga plano sa pag-aaral, i-post ang lahat ng takdang-aralin para sa buong linggo hanggang 8:00am tuwing Lunes Dapat i-post ang gawain sa learning management platform (SeeSaw/Google classroom) at listahan ng mga takdang-aralin para sa buong linggo na may tinatayang oras ng apgkumpleto Magbibigay ang mga Baitang TK - 12 ng synchronous na mga live session sa ating mga mag-aaral. Ipo-post ang oras/araw sa pamamagitan ng learning management platform. Tutulong ang mga kawani sa pagbabantay ng mga kinakailangan sa pakikilahok at pagdalo ng mag-aaral ayon sa SB 98	0	Oo
Aksyon 3: Mga Inaasahan sa Magulang ng Distance Learning • Maging ka-partner/tagapamahala ng pag-aaral • Mangasiwa - mga iskedyul ng mag-aaral - pagdalo - pakikilahok sa pang-araw-araw na aralin • Tumulong sa pag-unawa ng nilalaman, kung maaari • Gumawa ng lugar at nakatuong oras para sa pag-aaral • Paalalahanan ang mga mag-aaral na panatilihing naka-on ang video hangga't maaari • Gumamit ng mga learning management system na inaprubahan ng distrito (Seesaw - K - 2, Google Classrom - 3 - 12) • Tiyakin na sumusunod ang inyong mag-aaral sa mga pamantayan/tuntunin na itinakda ng distrito, paaralan at guro • Magpakita ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga takdang-aralin	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Humingi ng tulong kung kinakailangan		
Aksyon 4: Propesyonal na Pagpapaunlad at Pagtutulungan: Iskedyul tuwing Miyerkules 8:30 - 9:30- Mga Oras ng Opisina - buong distrito 9:30 - 10:30 Mga pagpupuling sa paaralan, lupon (ILT.pagpupulong ng baitang/departamento) 10:30 - 11:30 - Pagtutulungan sa Distrito (Puwedeng virtual na magpulong ang mga guro para gumawa ng mga aralin, yunit, pagtatasa, pagsasanay gamit ang mga bagong tool sa teknolohiya, mga programa) 11:30 - 12:30 - Mga Oras ng Opisina - buong distrito 12:30 - 1:30 - Tanghalian 1:30 - 3:30 - Mga oras ng opisina/oras ng paghahanda para sa pagbuo ng aralin/yunit o makilahok sa mga oporunidad para sa PD	0	Oo
Aksyon 5: Binabantayan ng departamento ng IT ang mga heograikal na lugar na may mahinang koneksyon • Kung may makitang pattern, gagawa ng kahilingan ang aming IT department sa T-Mobile para paghusayin ang koneksyon sa internet sa mga lugar na ito	0	Oo
Aksyon 6: Mga support hub sa paaralan • Makikipagtulungan kami sa ating mga paaralan para lumikha ng mga support hub sa kani-kanilang paaralan. Tutukuyin sa mga hub na ito ang mga kawani na magsasaayos ng koneksyon o mga problema sa platform para sa pagtuturo.	0	Oo
Aksyon 7: Paghuhusayn ang sistema sa kasalukuyang komunikasyon para mas higit na matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya -Dadalasan namin ang pag-advertise ng aming "Distance Learning Hub ng ag-aaral at	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Pamilya" na may mga available na tutorial at sanggunian sa mga wikang English at Spanish (https://sites.google.com/ssfusd.org/ssfusd-students-families/home-p%C3%A1gina-principal) na may kasamang pagpapadala ng mga text gamit ang School Messenger.		
Aksyon 8: Pagbili ng mga tech device (Mga chromebook/IPAD/Macbook Air) para sa lahat ng mag-aaral at kawani	3,510,040.11	Oo
Aksyon 9: Pagbili ng mga ear bud para sa lahat ng mag-aaral	18,273.38	Oo
Aksyon 10: Pagbili ng 3000 hotspot para tiyakin ang koneksyon sa internet ng mga mag-aaral/pamilya at kawani.	560,000	Oo
Aksyon 11: Pagbili ng learning management system, mga aplikasyon at programa para suportahan ang distance learning (Seesaw, Zoom, Literably, IXL, Nearpod)	186,422.50	Oo
Aksyon 12: Pagbibigay ng 1 karagdagang araw para sa propesyonal na pagpapaunlad para sa lahat ng sertipikadong miyembro (tinatayang 450 kawani)	350,000	Oo
Aksyon 13: Makikipag-partner ang SSFUSD sa Trauma Transformed, isang organisasyon na magbibigay ng mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral sa Trauma Informed Systems. Ipapakilala ng pagsasanay sa propesyonal na pag-aaral na ito ang anim na prinsipyo ng Trauma Informed Systems (4 na oras na pagsasanay). Magsisimula ang trabaho sa pagpapalit ng sistema sa pagbabahago ng pundasyong kaalaman sa epekto ng trauma sa mga tao na aming bininbigyan ng serbisyo, sa aming mga sarili, aming mga kasamahan, aming sustema at aming komunidad.	36,000	Oo
Aksyon 14: Makikipag-partner ang SSFUSD sa Departamento ng Kalusugan ng San Mateo County para magbigay ng Youth Mental Health First Aid (YMHFA)(8 oras na pagsasanay)	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Ang kursong YMHFA ay isang programa sa pagsasanay ng pampublikong edukasyon na idinisenyo para sa sinumang nasa hustong gulang na nakikipagtulungan o tumutulong sa kabataan. Nakatuon ang kurso sa kung paano tulungan ang kabataan na nakararanas ng problema o krisis sa kalusugan ng pag-iisip.		
Aksyon 15: Lilikha ang SSFUSD ng Teacher/Staff/Administration Support Group (TSST) Teacher/Staff/Administration Support Group (TSST) na ibinigay ng YSB Ang mga pangkat na TSST ay inilaan para maging mga tagaprosesong pangkat (kung saan tinutukoy at tinatalakay ng mga kalahok kung ano ang mahalaga asa kanila) kaya walang mahigpit na kurikulum ngunit maglalakip ang mga clinician ng pangangalaga sa sarili at mga kasanayan sa pamamahala ng sarili pati na rin ilang sikolohikal na edukasyon tungkol sa pagtugon sa mga pahiwatig at pangangailangan ng mga mag-aaral sa mga produktibong paraan at epektibong teknik sa de-escalation. Nakabinbin pa ang halaga. Maglalaan ang SSFUSD ng hanggang 100K para sa TSST	100,000	Oo
Aksyon 16: Magbibigay ang SSFUSD ng mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral sa mga kawani upang suportahan ang kanilang paglipat sa distance learning. Kung hindi maiiskedyul ang oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral habang nasa trabaho o kailangan ng distrito na kumuha ng mga sub para sa kawani, maglalaan ang SSFUSD ng 100,000.	100,000	Oo

Kawalan ng Pagkatuto ng Mag-aaral

[Paglalarawan sa kung paano tutugunan ng LEA ang kawalan ng pagkatuto ng mag-aaral na nagresulta mula sa COVID-19 noong mga taong pampaaralan 2019–2020 at 2020-21, kabilang ang kung paano tatasahin ng LEA ang mga mag-aaral para sukatin ang estado ng pagkatuto, lalo na sa mga aralin ng English language arts, English language development, at matematika.]

Upang mabawasan ang kawalan ng pagkatuto kaugnay ng COVID-19, bumuo ang SSFUSD ng multi-pronged na lapit na makikita sa mga yugto ng muling pagbubukas pati na rin sa mga ginamit na modelo sa pag-aaral. Isasagawa sa mga yugto ang muling pagbubukas ng

SSFUSD. Binubuo ng 3 yugto ang ating plano sa muling pagbubukas. Kailangan sa Yugto 1 na lumahok ang lahat ng mag-aaral sa 100% distance learning. Gayunpaman, espesyal na idinisenyo sa Yugto 2 para suportahan ang ating mga mag-aaral na pinakanasa panganib na makaranas ng kawalan ng pagkatuto. Sa "Yugto 2", tanging ang mga mag-aaral ng SSFUSD na pinakanangangailangan, kabilang ang mga mag-aaral ng wikang English, mga mag-aaral ng special education, at mga foster at walang tirahang kabatahan, ay sasailalim sa personal na pagtuturo/suporta at bibigyan ng mga pagtatasa na hindi madaling ilipat sa online platform (kabilang ang Brigance, Initial ELPAC, at ilang pagtatasa para sa special education). Makakatulong ang mga ito at iba pang pagtatasa para ipaalam sa personal na pagtuturo kung paano i-maximize ang ating pagsisikap na mapabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng pagkatuto.

Gayunpaman, napakahalaga ng pagtatasa habang nasa Yugto 1 na 100% Distance Learning) at gumamit ang SSFUSD ng iba't ibang digital learning tool para tulungan ang mga guro sa pagtatasa at pagtukoy ng mga mag-aaral na may mga learning gap na makikinabang mula sa karagagang suporta at pagtuturo. Patuloy na gagamitin ng ating mga guro ang mga tool sa pagtatasa ng ELA,ELD, matematika na available sa pamamagitan ng ating core curiculum (available sa digital format), at bumili rin o nasa proseso ng pagbili ang SSFUSD ng iba pang tool sa pagtatasa para tulungan na matukoy ang kawalan ng pagkatuto ng mag-aaral. Gagamit ng mga karagdagang kagamitan nang hindi bababa sa kada tatlong buwan para sukatin ang pag-unlad ng mag-aaral. Kabilang sa mga ito ang mga diagnostic tool na available sa ELA at math IXL para sa lahat ng mag-aaralsa K–12. Dagdag pa, bumili rin ng Literably para o-calibrate at suportahan ang ating pagsukat sa pag-unlad ng mag-aaral sa pagbabasa sa K–8. Pinapayagan tayo nito na patuloy na gamitin ang ating kasalukuyang record data gamit ang digital platform. Para sa mga mag-aaral ng wikang English, nas proseso tayo ng pagbili ng Test of English Language Learning (TELL) mula sa Pearson. Sinasala, tinutukoy, at binabantayan ng tool na ito ang mga mag-aaral ng wikang English sa K - 12 sa lahat ng apat na domain ng wika. Papayagan tayo ng TELL na bantayan ang English language development (ELD) ng ating mga mag-aaral ng EL.
(Ibinahagi na ng SSFUSD ang impormasyon sa budget para sa Literably, IXL sa bahagi ng programa sa distance learning).

Mga Estratehiya sa Kawalan ng Pagkatuto ng Mag-aaral

[Paglalarawan sa mga aksyon at estratehiya na gagamitin ng LEA para tugunan ang kawalan ng pagkatuto at pabilisin ang pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kung kinakailangan, kabilang ang kung paano nag-iiba-iba ang mga estratehiyang ito para sa mga mag-aaral ng wikang English; mababa ang kita ng pamilya; foster na kabataanl mga mag-aaral na may mga pambihirang pangangailangan, at mga mag-aaral na nakararanas ng kawalang ng tirahan.]

Pagiging makatarungan ang gabay na prinsipyo sa ating distrito. Hanggang sa huli, tatanggap ng espesyal na pagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng wikang English, foster na kabataan, kabataang walang tirahan, at mga mag-aaral ng special education. Ibinalangkas sa ibaba nang may buong detalye ang mga partikular na aksyon para suportahan ang mga natatanging pangangailangan ng ating mga mag-aaral ng wikang English, foster na kabataan, walang tirahan, at mga mag-aaral na may mga pambihirang pangangailangan.
Gayunpaman, may iba pang elementong kaugnay ng kawalan ng pagkatuto na hindi matutugunan sa pamamagitan lamang ng pagtuturo at mga pagtatasa. Para sa SSFUSD, malaking bahagi ng pagtugon sa kawalan ng pagkatuto ang pantay-pantay na access sa teknolohiya, madalas na pag-check in, at pag-ugnay sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya sa mga tagapayo at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na makakatulong na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Bagama't patuloy nating ma-maximize ang mga talento ng lahat ng ating kawani, nauunawaaan namin ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa mga ka-partner sa komunidad. Mga tagapayo, Community Liaison, at kawani mula sa mga organisasyon sa komunidad tulaf ng Youth Services Bureau ng YMCA ay nakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral na nakararanas ng foster na pangangalaga o kawalan ng tirahan para tingnan ang kanilang kalagayan, access sa

teknolohiya at mga sanggunian ng paaralan at komunidad, at binabantayan ang kanilang akademikong pag-unlad. Makapagbibigay ng karagdagang tulong sa SSFUSD ang pakikipag-partner sa mga organisasyon sa komunidad at mga pampublikong ahensya na tukuyin at punan ang mga puwang na maaaring umiiral sa kasalukuyang sistema ng suporta ng distrito. Nakikipag-partner ang SSFUSD sa City of San Francisco para magbigay ng pangangalaga ng bata para sa mga pamilya mula 7:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. sa aming mga paaralang pang-elementarya. Gagamit ang SSFUSD at City ng SSF ng sliding scale batay sa kita ng mga pamilya at bibigyang priyoridad ang mga pamilya na nakatutugon sa mga pangangailangan ng National School Lunch Program (NSLP). Dagdag pa, babantayan ng mga kawani ng paaralan at distrito ang pang-araw-araw na pagdalo at lingguhang pakikilahok ng mag-aaral na may pinatinding atensyon sa mga espesyal na populasyon upang maipatupad ang mga angkop na intervention at suporta sa napapanahong paraan kapag natukoy ang mga mag-aaral na hindi nakakatugon sa pamantayan ng pang-araw-araw na pagdalo at lingguhang pakikilahok.

Pagiging Epektibo ng mga Ipinatupad na Estratehiya sa Kawalan ng Pagkatuto ng Mag-aaral

[Paglalarawan ng kung paano susukatin ang pagiging epektibo ng mga serbisyo at suportang ibinigay para tugunan ang kawalan ng pagkatuto.]

Ginamit na Panukat para Tukuyin ang Kawalan ng Pagkatuto
Gumamit ang SSFUSD ng ilang digital tool para tulungan ang mga guro na tasahin at tukuyin ang mga mag-aaral na nakararanas ng kawalan ng pagkatuto na makikinabang mula sa karagdagang suporta at pagtuturo. May itinaguyod na oras sa iskedyul ng bawat baitang para sa lingguhang pagtutulungan at propesyonal na pagpapaunlad para sa mga guro para matugunan at masuri ang mga resulta ng pagtatasa, bumuo ng mga plano para sa muling pagtuturo at pagpapabilis, at pakikipagtulungan sa mga kawani ng paaralan at distrito para suportahan ang mga mag-aaral at ang kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral. Ibinabahagi ang mga resulta ng pagtatasa sa mga data dashboard na partikular sa bawat tool upang mabantayan ng mga guro at pansuportang kawani ng paaralan ang akademikong pag-unlad at matukoy ang mga learning gap. Sa antas ng paaralan at distrito, may mga analytic dashboard ang mga learning management tool na pinapayagan ang mga kawani na bantayan ang paggamit ng guro at mag-aaral at ang mga resulta ng pagtatasa para matukoy ang mga trend at mga paksa para sa karagdagang suporta at/o pagsasanay. Mayroong data management system anf SSFUSD na tinatawag na Illuminate na puwedeng tayong tulungan sa paghihimay ng datos ng pagtatasa. Patuloy na gagamitin ng SSFUSD ang mga datos ng pagtatasa ng estado at pederal, mga formative na pagtatasa para tukuyin ang mga mag-aaral na maaaring nakararanasa ng kawalan ng pagkatuto.
Susuriin ng SSFUSD ang iba't ibang template sa pagpaplano ng pagtuturo tulad ng UDL, 5E at ilalakip ang pagsasanay na ito sa pagsasanay sa plano ng pag-aaral na nakaiskedyul sa Setyembre/Oktubre 2020. Sa pagbibigay ng oras kada linggo tuwig Miyerkules para magbigay ng oras sa mga kawani na matuto at magplano ng mga aralin/aktibidad sa distance learning sa paraang nagtutulungan sa paaralan, baitang o subject, nagbibigay tayo ng pagkakataong maging consistent sa buong distrito. Sasanayin ng SSFUSD ang mga administrador upang makapagbigay sila ng input/feedback habang nasa proseso ng ating virtual na obserbasyon,

Mga Aksyon para Tugunan ang Kawalan ng Pagkatuto ng Mag-aaral [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hanay at aksyon kung kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
EL-Magdisenyo ng dokumento na may naka-tier na rekomendasyon sa suporta para sa mga mag-aaral ng wikang English	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
• Magdidisento ang team ng ELD TOSA ng napupunang form para gamitin ng bawat paaralan sa pagtukoy ng mga estratehiya para hikayatin ang pakikipag-ugnayan at suporta sa mga mag-aaral ng wikang nglish na hindi nakikilahok sa pag-aaral/hindi masyadong dumadalo.		
Suporta sa Pagsasalin/Community Liaison sa Pandistritong Antas Ilalaan ng isang magulang na liaison ang 100% ng kanilang oras para tiyakin ang naisasalin nang walang pagkaantala sa wikang Spanish ang mga komunikasyon na kaugnay ng COVID-19. Dagdag pa, tumutulong ang liaison na makipag-ugnayan sa mga pamilya ng mga pangkat ng mag-aaral na pinakanangangailangan kabilang ang EL, Migrante, Walang Tirahan para tiyakin ang access sa suporta sa teknolohiya at mga sanggunian ng komunidad (mga mapagkukunan ng Sosyo-Emosyonal at Pagkain).	0	Hindi
EL-Bumili ng online na pagtatasang English Language Development (na kapareho ng Test of English Language Learning mula sa Pearson) para bantayan ang pag-unlad ng wika ng ating mga mag-aaral ng wikang English nang hindi bababa sa 2 beses kada taon.	24,000	Oo
Propesyonal na Pag-aaral: "Paano Suportahan ang mga Sosyo-Emosyonal na Pangangailangan ng mga Mag-aaral sa Wikang English Habang nasa Distance Learning Magsasaliksik at magtatanghal ang team ng ELD TOSA ng mga pinakamagagandang gawain para suportahan ang mga sosyo-emosyonal na pangangailangan ng mga mag-aaral ng wikang English habang nasa distance learning. Ibabahagi ang impormasyong ito sa mga punongguro, guro, tagapayo, at iba pang kawani sa pagtuturo tuwing Miyerkules sa ating iskedyul ng PD.	0	Oo
EL-Bibili ng elevetaion data management platform para sa mga mag-aaral ng wikang English Gagamitin ang elevation data platform para tulungang i-coordinat ang mga datos at serbisyo sa EL sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang lokasyong kung saan mabilis at madaling matatagpuan ang ELPAC, CAASPP, mga pamantayang pagtatasa ng Distrito, Muling pag-uuri ng mga Papel, at mga form sa pagbabantay ng mag-aaral ng wikang English. Gagamitin	25,000	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
ang mga data tool para pagsama-samahin at paghimay-himayin ang datos ng EL (kabilang ang impormasyon tungkol sa mga baguhan, nasa panganib ng LTEL, at mga mag-aaral ng LTEL).		
EL-Lilipat ang TOSA mula sa mga inidibidwal na paaralan patungo sa pandistritong antas para ma-maximiz ang suporta sa ating mga mag-aaral ng wikang English Upang makabuo ng magkakaparehong gawain sa pagtuturo, programa, at pansuportang pagtuturo, itinaas sa mga pansuportang posisyon sa pandistritong antas ang 6 na ELD Teachers on Special Assignment (TOSAs). Itatalaga ang bawat ELD TOSA sa hindi hihigit sa tatlong paaralan para bumuo ng mga consistent na gawain kaugnay ng pagtatalaga at paglalakip ng suporta sa ELD para sa mga mag-aaral ng wikang English.	0	Oo
EL-Magbigay ng mga sanggunian sa mga magulang sa wikang Englsih at Spanish na tutulungan silang maunawaan kung paano i-access ang iba't ibang learning platform at digital tool para suportahan ang pagkatuto ng kanilang anak/mga anak. (Nakalista rin sa bahaging DL Technology) https://sites.google.com/ssfusd.org/ssfusd-students-families/home-p%C3%A1gina-principal	0	Oo
EL-Magbigay ng Propesyonal na Pagpapaunlad na Partikular sa pagsuporta sa mga mag-aaral ng wikang English sa distance learning at hybrid na mga modelo ng pagtuturo: • Pinagsasama-sama at Itinalagang ELD • Pagsasaalang-alang sa mga Sosyp-Emosyonal na Pangangailangan ng EL habang nasa distance learning • Pag-unawa sa mga pinakamainam na tool ng teknolohiya na sumusuporta sa mga pangangailangan sa pagkatuto ng mga EL • Mga naka-embed na suporta sa ginamit na kurikulum ng distrito (Wonders, Studysync, Math Explorations) • Paano magbibigay ng magkakaibang suporta sa mga baguhan; mga Long Term English Learner • Guided Language Acquisition Design (GLAD) 2-araw na propesyonal na pagpapaunlad tungkol sa pananaliksik at teorya	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
SWD-Pagsuporta sa Sosyo-Emosyonal na Kagalingan ng mga Mag-aaral na may mga Kapansanan: Coordinator ng Mental na Kalusugan, Pag-uugali at Pagtatasa na nakaplanong PD kasama ang mga sikolohista ng paaralan at mga kawani ng special education tungkol sa kung paano tutukuyin at susuportahan ang mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa mental na kalusugan, kabilang ang proseso sa pag-refer para sa mga nangangailangan sa ilalim ng IDEA	0	Oo
SWD-Gagamitin ang mga tool na ginamit para tukuyin ang pagdalo ng ESY sa pagtukoy ng mga mag-aaral na umurong ang kanilang pag-unlad sa mga layunin ng IEP Tatasahin taon-taon ang lahat ng mag-aaral para sa pag-urong at muling pagbawi para matukoy ang kawalan ng pagkatuto at mga kaugnay na serbisyong kailangan para bawasan ang kawalan ng pagkatuto gamit ang mga online tool (Able Net....)	$25,000	Oo
SWD-Mga dokumento ng plano sa hiwalay na distance learning at mga progrma/platform/aplikasyon para suportahan ang pagtuturo, bawasan ang kawalan ng pagkatuto at mga virtual na pagtatasa (Pearson, MHS, Western Psychological Services) Nagtutulungan ang mga espesyal na tagapagbigay at sa mga pamilya para tukuyin ang pinakamagandang kurso ng aksyon para suportahan ang mga mag-aaral na nahihirapan sa distance learning. Binigyan ang lahat ng pamilya ng hiwalay na plano sa distance learning sa simula ng taong pampaaralan na nakabalangkas sa planong ito. Binigyan ang lahat ng magulang ng oportunidad na magpulong anumang oras na gusto nila para suriin ang mga plano o may anumang alalahanin. Nakikipag-ugnayan din ang mga guro sa mga pamilya para gawin ang mga IDLP para sa mga mag-aaral na hindi nila nakikitaan ng pagtatagumpay.	50,969.35	Oo
SWD-Pagdalo at suporta sa pagbabantay • Kung hindi nakikilahok/dumadalo ang isang mag-aaral sa distance learning, maaaring magsaayos ng IEP na pakikipagpulong sa mga magulang para tukuyin ang mga balakid para makagawa ng angkop na pag-unlad ang mga mag-aaral	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
• Ginagamit ng mga tagapamahala ng kaso ang libreng oras para magbigay ng karagdagang suporta kung nahihirapan ang mag-aaral na makilahok sa gawain upang makagawa ng angkop na pag-unlad para makamit angm ga layunin ng IEP.		
SWD-Mga natatanging pangangailangan sa teknolohiya habang nasa distance learning • Binigyan ang lahat ng mag-aaral sa special education ng mga accessibility tool bilang kanilang mga panghalili sa general education. Nagbigay ng mga pagsasaalang-alang sa pagtugon sa mga pangangailangan ng special education na may mga alokasyon sa teknolohiya • Bumili ng mga espesyal na software/app para tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng SWD habang nasa distance learning kung kinakailangan.	$10,000	Oo
SWD-Special Education Paraprofessional PD na suporta para sa distance learning • Special Ed. Dadalo ang mga paraprofessional ng Spire na pagsasanay para maging bihasa sa mga tiyak na teknik para suportahan online ang mga mag-aaral na may mga kapansanan. • Tinatrabaho ng mga para professional ang ating mga plano sa distance learning na parang nasa paaralan din sila. Nakikilahok sila sa klase at nagtratrabaho sa mga break out room kasama ang mga mag-aaral. (Maaaring mangyari ang ilang pagasanay para sa Spire sa labas ng araw ng kinontratang trabaho kaya kakailanganin naming bayaran ang mga kawani).	2,000	Oo
Walang tirahan/FY-Pakikipag-ugnayan sa mga pamilya • Nai-post na ang impormasyon sa pagpapatala sa mga kanlungan sa ating lugar • Ipo-post ang kaugnay na impormasyon sa website ng Distrito at PeachJar commuicatio outlet • Tinawagan, nag-email, nag-text ang mga kawani ng distrito sa mga pamilya para kumpletuhin ang survey tungkol sa mga pangangailangan sa teknolohiya at mga opsyon sa pagtuturo • Ipagpatuloy ang umiiral na pakikipagtulungan sa mga ka-partner sa komunidad tungkol sa mga umiiral na pangangailangan/suporta ng mag-aaral: • Mga liaison ng SMCOE para sa mga walang tirahan/foster na kabataan,	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
• Mga kinatawan ng lokal na kanlungan • Mga case-worker		
Walang tirahan.FY-Suporta at mga Serbisyo sa Mental na Kalusugan • Pinadalas na suporta sa pagpapayo sa pammagitan ng pakikipagtulungan sa Youth Services Bureau ng YMCA. • Sinimulan na ng Distrito ang pagbbuo ng Crisis Response Team na binubuo ng mga tagapayo para tulungan ang mga kabataang walang tirahan at makipag-ugnayan sa mga pamilya (knasa bahagi tungkol sa mental na kalusugan at sosyo-emosyonal na kagalingan ang karagdagang impormasyon)	0	Hindi
Walang tirahan/FY-Pagsubaybay sa Pagdalo • Nagpapatupad kami ng kagamitan sa Lingguhang Pakikilahok, at susubaybayan ng mga pinuno ng paaralan ang tool na ito para tiyakin na nakikilahok sa pagtuturo ang mga mag-aaral na walang tirahan • Araw-araw na irerekord ang pagdalo sa pamamagitan ng aming student information system, na magdudulot ng mga hakbang sa pag-follow up para tugunan ang madalas na pagliban at pataasin ang pakikilahok.	0	Oo
Homeless/FY-Access sa mga Sanggunian sa Teknolohiya at Komunikasyon • Titingnan ng Liaison sa Pagdalo ng Pandistritong Paaralan-Komunidad ang bawat mag-aaral/pamilya na walang tirahan para tiyakin na nakapagpatala ang mga mag-aaral, may mga angkop na device para sa elektronikong pag-access, at may kamalayan sa mga daanan ng komuikasyon sa mahahalagahang tauhan ng paaralan at distrito. • Magpapatuloy ang pagsuporta/pagpapahusay ng mga umiiral na pakikipagtulungan sa mga liaison ng SMCOE para sa mga walang tirahan/foster na kabataan, mga kinatawan ng lokal na kanlungan, at mga case worker, habang nananatiling isang mahalagang bahagi ng pakikipag-ugnayan ang kasalukuyang komunikasyon.	0	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
Walang tirahan/FY-Pagbibigay ng Pagpapagtuloy ng Pagtuturo • May karapatan ang sinumang mag-aaral na nakararanas ng kawalan ng tirahan na manatiling nakatala sa paaralang pinanggalingan para magbigay ng katatagan at suporta. • Hinihikayat ang ganap na pakikilahok sa pammagitan ng program sa pinansyal na tulong ng Distrito, na pinapayagan ang mga paaralan na magbayad ng mahahalagang programa, karanasan, at supply para tiyakin na mararanasan ng mga mag-aaral na walang tirahan ang kaparehong karanasan sa paaralan ng mga mag-aaral na may tirahan. -Nakapag-apply ang mga paaralan ng pagbabalik ng bayad sa pamamagitan ng mga itinabing pondo. Nagbibigay rin kami ng tulong sa transportasyon sa pamamagitan ng tulong sa direktang ruta ng bus. Mga pagbabalik ng bayad sa mileage, at mga passes sa bus. (Pinondohan ang aksyong ito ng LCAP Suuplemental funds)	0	Oo
Propesyonal na Pagpapaunlad tungkol sa Edukasyon at Pagtukoy ng mga Walang Tirahan • Propesyonal na pag-aaral sa pamamagitan ng online na Estruktura: • Mga estratehiya par sa mga registrat, kawani ng mga unang tagatugon, kawani ng mga serbisyo sa nutrisyon, administrador ng distrito, punongguro, guro, kawani ng kanlungan at ahensya ng komunidad na makatutulong sa pagtukoy ng mga mag-aaral na nakararanas ng kawalan ng tirahan.	0	Oo
SWD-Online na Kurikulum para matugunan ang mga partikular na pangangailangan sa pagtuturo ng mga pambihirang mag-aaral • Bumili ng mga Spire at Natatanging kurikulum para payagan ang ating mga mag-aaral na may mga kapansanan na magkaroon ng ganap na access sa kurikulum habang nasa distance learning. (Pinondohan ng LCAP Supplemental funds anf mga programang ito.)	0	Oo
EL/SWD/Foster na Kabataan/Walang Tirahan at mg Mag-aaral na nagpapakita ng kawalan ng pagkatuto -Tutuklas ang SSFUSD ng iba't ibang opsyon para magbigay ng virtual na suport asa pagtu-	100,000	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	Nakakapag-ambag
tor para sa aming mga mag-aaral na pinakanangangailangan -Titingnan namin ang mga libreng serbisyo tulad ng Our Shared Learning, isang lokal na organisasyon sa San Mateo County na nagbibigay ng pagtu-tutor sa mga mag-aaral sa elementarya. Libre ang mga tutor at mga lokal na mag-aaral sa high school. https://www.oursharedlearning.org/ -Titingnan din namin ang mga may bayad na serbisyo sa pagtu-tutor tulad ng Paper kung saan puwedeng tumanggap ng virtual na pagtu-tutor ang mga mag-aaral. https://paper.co/ -Sa mga nakaraang taon, nag-alok ang Tanggapan ng Edukasyon ng San Mateo County ng "Mga Sentrong Pang-Akademiko" sa aming mga Title I na paaralan. Nagbigay ang modelo ng Sentrong Pang-Akademiko ng hanggang 5 oras ng pagtu-tutor para sa ating mga mag-aaral na pinakanangangailangan sa buong taong pampaaralan. Natuklasan namin noong 9.14.2020 na hindi maitataguyod ng SMCOE ang modelo ng sentrong pang-Akademiko sa mga K-8 na distrito, kaya puwedeng tingnan ang posibilidad na kopyahin ang programa sa loob ng SSFUSD.		

Mental na Kalusugan at Sosyal at Emosyonal na Kagalingan

[Paglalarawan kung paano mababantayan at masusuportahan ng LEA ang mental na kalusugan at sosyal at emosyonal na kagalingan ng mga mag-aaral at kawani sa panahon ng taong pampaaralan, kabilang ang propesyonal na pagpapaunlad at mg sanggunian na ibibigay sa mga mag-aaral at kawani para tugunan ang trauma t iba pang epekto ng COVID-19 sa komunidad ng paaralan.]

Pinalitaw ng pandemyang COVID-19 ang pangangailangang magbigay ng mga karagdagang sanggunian at suporta sa ating mga mag-aaral.pamiya ng SSFUSD at ating mga kaeani para tiyakin ang kanilang sosyal at emosyonal na kagalingan. Tutugon ang SSFUSD sa mga sosyal at emosyonal na pangangailangan ng mga mag-aaral, pamilya, at kawani ng distrito sa pamamagitan ng:

- Paglalakip ng social emotional learning (SEL) na kurikulum sa lahat ng baitang;
- Pagsasagawa ng mga pagsasala at pagtatasa ng mga pangangailangan sa mental na kalusugan;
- Pagtataguyod ng mga relasyon sa pagitan ng mga guro at mga kawani at mga pamilya;
- Pagpapanatili ng mga tradisyon at sosyal na koneksyon;
- Pagtataguyod ng mga gawi at inaasahan para sa hybrid at distance learning;
- Pagbibigay ng mga workshop, sanggunian, at oportunidad parasa propesyonal na pagpapaunlad;
- Pagtataguyod ng pagtugon sa krisis, pag-iwas sa pagpapakamatay, at mga psychiatric na mobile response team

Upang matugunan ang sosyo-emosyonal na kagalingan ng ating mga mag-aaral; magpapatupad agn SSFUSD ng sumusunod na aksyon sa naka-tir na lapit.

Tier I

Oportunidad para sa Propesyonal na Pag-aaral #1:

Makikipag-partner ang SSFUSD sa Trauma Transformed, isang organisasyon na magbibigay ng mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral sa Trauma Informed Systems. Ipapakilala ng pagsasanay sa propesyonal na pag-aaral na ito ang anim na prinsipyo ng Trauma Informed Systems.

- Magsisimula ang trabaho sa pagpapalit ng sistema sa pagbabahago ng pundasyong kaalaman sa epekto ng trauma sa mga tao na aming bininbigyan ng serbisyo, sa aming mga sarili, aming mga kasamahan, aming sustema at aming komunidad.
- Para sa bawat pangkat ng 100 kalahok, maglalakip ng 4 na oras ng pagsasanay, TIS101 (Trauma Informed Systems introductory course, na pangangasiwaan ni Ken Epstein)
- Para sa tinatayang 1000 kawani, tinatayang magkakahalaga ang pagsasanay na ito ng $36,000

Oportunidad para sa Propesyonal na Pag-aaral #2:

- Youth Mental Health First Aid (YMHFA)
- Ibinibigay ng San Mateo County Health-Behavioral Health
- Ang kursong YMHFA ay isang programa sa pagsasanay ng pampublikong edukasyon na idinisenyo para sa sinumang nasa hustong gulang na nakikipagtulungan o tumutulong sa kabataan. Nakatuon ang kurso sa kung paano tulungan ang kabataan na nakararanas ng problema o krisis sa kalusugan ng pag-iisip.
- 8 oras na pagsasanay
- Halaga: Libre

Lumikha ng Teacher/Staff/Administration Support Group:

- Teacher/Staff/Administration Support Group (TSST) na ibinigay ng YSB
- Ang mga pangkat na TSST ay inilaan para maging mga tagaprosesong pangkat (kung saan tinutukoy at tinatalakay ng mga kalahok kung ano ang mahalaga asa kanila) kaya walang mahigpit na kurikulum ngunit maglalakip ang mga clinician ng pangangalaga sa sarili at mga kasanayan sa pamamahala ng sarili pati na rin ilang sikolohikal na edukasyon tungkol sa pagtugon sa mga pahiwatig at pangangailangan ng mga mag-aaral sa mga produktibong paraan at epektibong teknik sa de-escalation.
- Mga lingguhang pagpupulong ng pansuportang pangkat
- Halaga: Naghihintay ng panukala
- Pagsasala ng Mental na Kalusugan
- YSB-Mga Pagtatasa ng Mental na Kalusugan
- Halaga: Naghihintay ng panukala
- Mga Serbisyo sa Mental na Kalusugan
- YSB na Pagpapayo (Elementarya)

Tinutulungan ng mga tagapayong ito ng YSB ang mga kawani ng paaralan sa pagtukoy, pagtatasa, at pagbibigay ng mga serbisyo ng therapy at intervention sa mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng mga serbisyong ito ang mental na kalusugan at pagtatasa sa kaligtasan, indibidwal na pagpapayo na may garantiya ng konsultasyon sa pamilya, psycho-social na pangkatang pagpapayo, suporta sa magulang at mga pang-edukasyong pangkat, at mga serbisyo sa mental na kalusugan na may kaugnayan sa edukasyon. Ngayong taon, hgusto naming ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga serbisyo sa lahat ng aming paaralan.

- YSB Safe School Advocates (SSA)/Pagpapayo (Sekndarya)
- Naglalagay ng mga propesyonal sa mental na kalusugan ang School Safety Advocates Program (SSA) sa ating mga paaralang pangsekondarya para makipagtulungan sa mga tagapayo, guro, dean at pamunuan para suportahan ang pagtatagumpay ng mag-aaral.
- Ang School Safety Advocates Program ay isang komprehensibong program sa pag-iwas sa karahasan na idinisenyo para isulong ang mga ligtas na kapaligiran sa paaralan at mabilis, tumutugon na intervention para sa mga mag-aaral. Pinagsasama ng programa ang kadalubhasaan sa mental na kalusugan at pilosopiya sa pagpapaunlad ng kabataan at nagbibigay ng full-time na pangklinikang kawani sa mga paaralan na nakikipagtulungan sa mga kawani ng paaralan para: mamagitan sa mga krisis, magsagawa ng mga pagtatasa sa kaligtasan at mental na kalusugan, gumawa ng mga referral para sa mga serbisyo, at mangasiwa ng mga pro-social skills group.
- Halaga - $500,000 - Inaprubahan ng Lupon para sa 2020-21
- Magsagawa ng regular na pag-check in gamit ang pananaw kaugnay ng trauma
- Mga Kawani - pagkatapos ng pagsasanay sa PD
- Makipag-ugnayan sa mga mag-aaral at pamilya para itaguyod ang pagdalo
- Mga Kawani - pag-follow up ng pagdalo, pagbibigay ng mga sanggunian, pagtukoy ng paglalakwatsa at pagtugon dito
- Pagtataguyod ng Crisis Response Team
- Supoeta ng YSB - sa lahat ng paaralan
- Pag-iwas sa Pagpapakamatay - pagbabahagi ng impormasyon
- Halaga: $500,000 - pinondohan na ngayong taon (tingnan sa itaas)
- Makipagtulungan sa SMCOE tungkol sa mental na kalusugan/suporta sa pag-uugali
- Magbigay ng mga sanggunian sa mga pamilya/kawani/mag-aaral

Tier II

- Patuloy na Propesyonal na Pagpapaunlad
- Soyo-Emosyonal na Pag-aaral
- Ibinibigay ng CalSACS
- Halaga: nakabinbin ang panukala
- Mga Pamprotektang Salik para sa Mental na Kalusugan ng Mga Bata at Kabataan
- Ibinibigay ng CalSACS
- Halaga: nakabinbin ang panukala
- Tungkulin ng mga Kawani sa Paggabay ng Pag-uugali
- Ibinibigay ng CalSACS
- Halaga: nakabinbin ang panukala
- Magbigay ng mga sanggunian/impormasyon sa mga kawani

- Employee Assistance Program (EAP)
- Libre
- Mga opsyon sa pag-leave
- FFCRA
- Mga Matutuluyan
- Magbigay ng mga sanggunian/impormasyon sa mga mag-aaral
- Mga Serbisyo sa Pagpapayo
- Mental na Kalusugan
- Tiyakin ang pagiging kumpidensyal at pagsunod

Pakikilahok at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral at Pamilya

[Paglalarawan ng pakikilahok at pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, kabilang ang pamamaraan para sa naka-tier na mga estratehiya sa muling pakikilahok ng mga mag-aaral na lumiban sa distance learning at kung paano makikipag-ugnayan ang LEA sa mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga, kabilang ang mga wika maliban sa Enlgish, kapag hindi nakatutugon ang mga mag-aaral sa mga ipinag-uutos na kinakailangan sa edukasyon, o kung natukoy ng LEA na hindi nakikilahok sa pagtuturo ang mag-aaral at nasa panganib ng kawalan ng pagkatuto.]

Gagamitin ng SSFUSD ang pang-araw-araw na pagdalo mula sa mga synchronous na sesyon, ang weekly engagement indicator at pagganap ngmag-aaral (mga marka) para bantayan ang pakikilahok ng mag-aaral.

- Linggo-linggong gagawin ang pagtatanong sa pagdalo mula sa ating Student information System. Makakatanggap ng pagsasanay ang mga pinuno ng paaralan sa kung paano isasagawa ang mga ulat na ito.
- Sa pamamagitan n gpagsusuri sa datos ng pagdalo at weekly engagement indicator, lilikha ng mga listahan na tumutukoy sa mga mag-aaral na hindi dumalo sa mga synchronous na sesyon (hindi nakadalo sa hindi bababa sa 60% o higit pa sa nakaraang 5 araw sa paaralan) o tinukoy sa kanilang pakikilahok (pagkumpleto ng mga takdang-aralin) na kailangan ang pakikipag-ugnayan sa mag-aaral/pamilya.
- Ibibigay ang mga listahan sa bawat "Support Center Hub" ng paaralan. Ita-triage ng mga kawani ang datos at gagamit ng iba't ibang lapit para matukoy ang mga karagdagang suporta tulad ng:
- Mga pagtawag sa telepono sa mga magulang/tagapag-alaga.
- Puwedeng makipag-ugnayan ang mga bilingual na community liaison/kawani sa mga pamilya para mag-follow up.
- Elektronikong komunikasyon (email, text) sa mga magulang/tagapag-alaga.
- Direktang ,akikipag-ugnayan ang mga guro sa mga mag-aaral/pamilya habang nasa mga oras ng opisina.
- Mga pagbisita sa bahay, kung kinakailangan kung hindi tinugunan ng mga pamilya ang lahat ng pgsubok na makipag-ugnayan.
- Pag-uugnay sa mga lokal na sanggunian, suporta sa mga problema sa teknolohiya o karagdagang suporta para tulungan ang magulang/mag-aaral na maunawaan ang mga takdang-aralain ng mag-aaral.

- Pinag-iisipan ng SSFUSD na makipag-partner sa isang organisasyon na makakatulong samga mag-aaral/pamilya na format ng pansuportang pangkat.
- Referral sa Support center hub ng SSFUSD sa mga paaralan.
- Ipaalam sa mga magulang.tagapag-alaga/mag-aaral ang tungkol sa website ng distance learning hub ng SSFUSD para sa mga pamilya at mag-aaral.
- Mga workshop para sa magulang para tulungan sila sa pag-unawa sa distance learning model ng SSFUSD at suportahan kung paano gamitin ang video conferencing ng SSFUSD at mga LMS platform (Google Meet, Zoom, SeeSaw, Google classroom).
- Bubuo ng iba pang workshop para sa magulang sa buong taong pampaaralan sa tulong ng ating Konseho ng PTA. Itataguyod ang mga paksa ng talakayan batay sa mga pangangailangan ng ating mga pamilya.

Mga Mag-aaral ng Wikang English na Lumiban sa Distance Learning:

- Bantayan ang mag-aaral ng EL na may 3 hindi isinumiteng takdang-aralin o mga pagliban at makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono/pagpapadala ng mensahe para matukoy ang mga dahilan para sa napalampas na takdang-aralin/pagdalo.
- Gamitin ang mga liaison na Magulan ng istrito at Paaralan para suportahan ang gawaing ito.
- Magdidisenyo ang mga ELD Tosa ng panayam/survey para talakayin sa mga mag-aaral ng EL na madalas na lumiliban sa DL para talakayin ang mga dahilan sa pagliban.
- Ibibigay ng team ng ELD TOSA sa pamunuan ng paaralan o sa guro ang paggawa ng estratehiya sa muling paglahok at para suriin ang mga kamakailang datos sa pag-unlad sa wika.
- Nagtalaga ng liaison na magulang sa pandistritong antas para tulungang i-maximize ang komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa ating mag-aaral ng wikang English at mga migranteng pamilya. Kabilang dito ang pagtulong sa kanila na kumonekta sa sanggunian ng komunidad para sa kanilang sosyo-emosyonal na kagalingan pati na rin sa pagtiyak ng seguridad sa pagkain.
- Bilingual din ang liaison at susuportahan ang mga pagsisikap sa buong distrito para mabisa at madalas na makipag-ugnayan sa ating mga pamilya na nagsasalita ng wikang Spanish.

Mga Estratehiya sa Muling Pakikilahok:

- Nagdidisenyo ang team ng ELD TOSA ng naka-tier na dokumento sa muling pakikilahok para suportahan ang mga mag-aaral ng wikang English na hindi dumalo sa pagtuturo. Nasa paaralan ang pakikipagtulungan kung saan nakatala ang mag-aaral, at ang layunin ay para makagawa ang paaralan at ELD TOSA ng mga estratehiya para tulungan ang mag-aaral ng EL na makilahok sa kanilang mga pag-aaral.
- Lumilikha ang bawat paaralan ng "Support Center Hub" para tulungan ang mga mag-aaral at pamilya sa distance learning at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa, makakatulong ang mga kawani ng Support Center Hub sa pagtulong sa takdang-aralin at mga kawani mismo ang unang makikipag-ugnayan sa mga pamilya/mag-aaral na lumiban nang 3 o higit pang araw sa isang linggo. Maaaring kailanganin ng mga kawani ng Support Center Hub na magsagawa ng mga "pagbisita sa bahay" upang makakuha ng karagdagang impormasyon para suportahan ang mag-aaral/pamilya sa panahon ng distance learning.

Nutrisyon sa Paaralan

[Paglalarawn sa kung paano magbibigay ang LEA ng sapat na masustansyang pagkain para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga mg-aaral na karapat-dapat para sa libte at may diskuwentong pagkain, kapag nakikilahok ang mga mag-aaral sa personal na pagtuturo at distance learning, kung naaangkop.]

Sinimulan ng SSFUSD ang taong pampaaralan SSFUSD na sasailalim ang lahat ng mag-aaral sa 100% distance learning dahil inilagay sa eatch list ng estado ang San Mateo County. Kapag nasa programa ng 100% Distance learning ang mga mag-aaral, walang mag-aaral ang papayagang pumasok sa paaralan. Bagama't wala sa paaralan ang mga mag-aaral, patuloy na nagbibigay ng masusustansyang pagkain ang Departamento ng mga Serbisyo sa Nutrisyon sa mga mag-aaral, kabilang iyong mga karapat-dapat para sa libre o may diskuwentong pagkain. Inihanda ang masusutansyang pagkain sa ating Central Kitchen at inihahatid sa tatlo sa ating mga paaralan para kunin. Available na kunin ang mga ito tuwing Martes at uwebes sa sumusunod na mga lokasyon at oras.

- El Camino High School 7:30 am hanggang 10 am at 3:30 pm – 6:30 pm
- Spruce Elementary 3:30 pm hanggang 6:00 pm
- Westborough Middle 3:30 pm hanggang 6:00 pm

Tuwing Martes, kinukuha ang 2 araw na halaga ng pagkain at tuwing Huwebes, kinukuha ang 3 araw na halaga ng pagkain. Nag-aalok din ng drive-through na grab and go na agahan at tanghalian sa tatlong lokasyon.

Libre ang lahat ng pagkain sa mga mag-aaral/pamilya hanggang sa katapusan ng 2020.

Sa hinaharap, kapag lumipat na ang Distrito sa Hybrid Continuum Model, kung saan personal na papasok ang mga mag-aaral sa paaralan sa loob ng dalawang araw kada linggo. Sa natirang tatlong araw, isasagawa ang remote/distance learning sa bahay. Kapag nangyari ito, patuloy na magbibigay ng masustansiyang agahan at tanghalian sa lahat ng mag-aaral, kabilang iyong mga mag-aaral na binibigyan ng may diskuwentong pagkain.

Sa unang araw ng linggo, bibigyan ang mga mag-aaral ng grab and go na agahan kapag dumating sila sa paaralan at grab and go na tanghalian kapag pauwi na sila. Sa ikalawang araw ng linggo, makakatanggap ang lahat ng mag-aaral ng grab and go na agahan kapag dumating sila sa paaralan. Kapag pauwi na sila, makakatanggap sila ng mga agahan at tanghalian para sa natitirang mga araw ng linggo (o tatlong araw).

Dinagdagan o Pinahusay na mga Serbisyo para sa mga Foster na Kabataan, Mga Mag-aaral ng Wikang English, at mga Mag-aaral na may Mababang Kita

Bahagdan para Pataasin o Paghusayin ang mga Serbisyo	Pinataas na Pagbabahagi batay sa Pagpapatala ng mga Foster na Kabataan, Mga Mag-aaral ng Wikang English, at mga Mag-aaral na may Mababang Kita
9.66%	6,099,967

Mga Kailangang Paglalarawan

[Para sa mga aksyong ibinibigay sa buong paaralan, o sa buong distrito ng paaralan o county office of education (COE), isang paliwanag ng (1) paano unang isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng foster na kabataan, mga mag-aaral sa wikang English, at mga mag-aaral na may mababang kita, at (2) gaano kabisa ang mga aksyong ito sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na ito.]

[Paglalarawan kung paano dinagdagan o pinahusay ang mga serbsiyo para sa foster na kabataan, mga mag-aaral ng wikang English, at mga mag-aaral na may mababang kita batay sa kailangang bahagdan.]

Kailangang dagdagan nang 9.66% ang mga serbsiyong ibinibigay sa ating Foster na kabataan, mga mag-aaral ng wikang Wnglish, at mga mag-aaral na may mababang kita ayon sa tinukoy sa ating MPP. Nagbalangkas agn SSFUSD ng dinagdagan o pinahusay na serbisyo na ibinibigay sa buong distrito o paaralang sa LCAP na ito.

- Mga pandistritong bell schedule para sa bawat baitang na may 'libreng oras" lalo na para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta - Nangyayari ang suportang ito sa libreng oras nang indibidwal sa tulong ng isang kawani o sa setting ng isang maliit na pangkat. Sa Hybrid continuum learning model, El, SWD, foster na kabataan at mga walang tirahan ang mga unang pangkat ng mag-aaral na sasailalim sa personal na pagtuturo.suporta sa yugto 2.
- Supprt center hub/tech line ng distrito/distance learning hub website ng SSFUSD para sa mga pamilya/mag-aaral -Gumawa ang bawat paaralan ng "Support Center Hub" at magiging bahagi ng Supprt center hub ang mga kasalukuyang kawani na may ugnayan na sa mga mag-aaral. Magkakaroon tayo ng mga bilingual na kawani sa ating mga support center hub para tulungan ang mga pamilya/mag-aaral. Gumawa ang SSFUSD ng tech hotline ng distrito para suportahan ang ating mga pamilya sa mga problema sa teknolohiya - ito ang tier 2 na antas ng suporta. Panghuli, lumikha ang SSFUSD ng website sa kahilingan ng ating mga pamilya para tulungan sila sa mga problema sa teknolohiya at magkaroon ng mga kapaki-pakinabang na sanggunian para sa ating mga pamilya/mag-aaral. Lumikha rin kami ng maraming 'hw to" video at dokumento sa wikang Spanish para sa ating mga pamilya na nagsasalita ng wikang Spanish.
- Propesyonal na Pag-aaral para sa mga kawani - Bumuo ang SSFUSD ng maraming sesyon ng PD at ipagpapatuloy natin ang pakikipag-partner sa mga panlabas na ahensya para suportahan ang ating mga kawani at mag-aaral para sa taong pampaaralan 2020-2021. Idinisenyo ang ilan sa ating mga inaalok na PD sa mga kawani na nakikipatulungan sa mga SWD, EL, foster na kabataan at mga mag-aaral na walang tirahan. Tutulungan ng mga oportunidad para sa propesyonal na pag-aaral tungkol sa mga gawain kaugnay ng trauma ang SSFUSD sa pag-aaral tungkol sa mga unang palatandaan kaya matutulungan namin ang mga mag-aaralpamilya sa kagyat na paraan. Isa pang oportunidad ang TSST support group para sa mga admin/kawani/pamilya para

suportahan ang mga pamilya hindi lamang sa mga bagay na kaugnay ng edukasyon ngunit pati na rin sa iba pang paghihirap ng ating mga mag-aaral/pamilya na kanilang pinagdadaanan habang nasa emergency na dulot ng COVID-19.